



PAG-BLACKLIST SA MGA TIWALING KANDIDATO: KOREA

Blacklisting Corrupt Candidates: Korea

Shaazka Beyerle

Chapter 3 from 'Curtailling Corruption'
Lynne Rienner Publishers
Translation: Xavier Roel Alvaran, June 2018



IKALAWANG BAHAGI

LAKAS NG BAYAN KONTRA KATIWALIAN:

MGA PAGESUSURI NG KASO

KABANATA 3

PAG-BLACKLIST SA MGA TIWALING KANDIDATO: KOREA

(isinalin ni Xavier Roel Alvaran)

Kung umangat ang isang tao sa mataas na opisang pampolitika, may husto nang salapi ang kaniyang pamilya para sa tatlong henerasyon.¹

(Lumang kasabihang Koreano)

Mga tiwaling politiko, mga nasirang pangako ng pagbabago, mga sikretong kasunduan, mga komportableng relasyon na may mga espesyal na interes, at mga kalunos-lunos na pagpapasiya sa araw ng halalan – ang mga ito ay ang mga pamilyar na reklamong makikita sa mga demokrasya at pati na rin sa mga sistemang awtoritaryano kung saan kadalasang dinudumihan lamang ng mga diktador ang mga sandigan ng halalan. Ngunit ano ang maaaring gawin ng mga karaniwang tao bukod sa silakbo ng galit, kawalan ng pakialam o pagboto sa bulok na mansanas sa sisidlan nito? Noong 2000, naglunsad ang mga sibikong pinuno at mamamayang Koreano ng sarili nilang kampanya upang pigilin ang laganap, at matagal nang nakatirik na mga politiko mula sa pagtakbo para sa opisina, at mapabuti ang pangkalahatang kalidad ng mga kandidato sa balota para sa ika-16 na Pambansang Kapulungan.²

Konteksto

Noong 1970, apat na dekada bago mamatay sa isang trahedyang si Mohamed Bouazizi sa Tunisia matapos niyang sunugin ang sarili, ginawa ni Chon T'ae-il, isang batang manggagawa sa pagawaan ng tela sa Timog Korea, ang parehong aksiyon at sinapit ang katulad na tadhana.³ Sa

bawat kaso, minarkahan ng kanilang pag-alay ng sarili ang simula ng kilusan ng demokrasyang pinamumunuan ng mga sibilyan. Mahaba at nakahahapo ang daan patungong demokrasya ng Korea. Mula 1948, dumanas ang bansa ng sunod-sunod na diktadura sa pagdaan ng mga dekada. Noong 1987, sa pamumuno ng mga grupo ng mga mag-aaral at mga unyon, kumilos ang milyong-milyong mamamayan sa simula noo'y tinawag na Demokratikong Pag-aalsa ng Mamamayan ng Ika-10 ng Hunyo.⁴ Sa mga sumunod na taon, maraming beterano ng pakikibakang ito ang nagpatuloy upang maging mga pinuno ng mga organisasyon ng lipunang sibil na nakatuon sa mga repormang pampolitika at pang-ekonomiya upang palitan ang luma't tiwaling sistema, palakasin ang mga institusyong demokratiko, at pagkaisahin ang representatibong pamahalaan. Nanguna sa mga sibikong organisasyong ito ang Peoples' Solidarity for Participatory Democracy (PSPD), Citizens' Coalition for Economic Justice (CCEJ), Korean Federation for Environmental Movements (KFEM), at Green Korea United (GKU).

Tulad ng marami pang ibang bansa na bumabangon pa lamang mula sa pamumunong awtoritaryano, naging lubhang mahirap na tuldukan ang katiwalian. Ang krisis-pinansiyal ng bansa noong 1997, na sinundan ng mabigat na pagbagsak ng pananalapi, ang naglantad ng kawalan ng kompetensiya at kakulangan sa kakayahan sa paglilingkod at ang pangkalahatang kawalan ng katapatan sa mga politikal na sistema.⁵ “Responsibilidad ang krisis ng mga politikong nagpapagalaw ng mga pisi ng mga sistemang pang-ekonomiya (*The crisis was the responsibility of the politicians who were pulling the strings of the economic system*),” ayon kay Kim Young-rae, eksperto sa agham pampolitika.⁶

Suklam na suklam na ang publiko. Habang dinaranas nila ang mga epekto ng pagbagsak ng ekonomiya, ginalit sila ng serye ng mga eskandalo, na puno ng katiwalian sa iba't ibang sektor, mga pag-abuso ng kapangyarihan at mga pribilehiyo, at suhulang kinabibilangan ng mga politiko, matatandang opisyal, mga banko, at mga *chaebol*, ang huli'y tumutukoy sa mga malaking samahan ng mga negosyo na may malapit na ugnayan sa mga personalidad sa politika at estado.⁷ Patagong nagkakamkam ng mga pondo ang kapwa partido ng administrasyon at oposisyon. Pinatumba ng mga mambabatas ang mga pagsisikap na repormahin ang mga Batas sa Halalan at mapigil ang politikal na pagpopondo. Ginamit, o kung iisipi'y inabuso, nila ang kanilang imyuniti para pahinain ang mga pagsisiyasat. Tila ba walang gana ang pagpapatupad ng batas na unghatin ang mga iregularidad sa politika.⁸ Nakilala ang lehislatibong sangay ng Korea bilang “di-matablang-bala (*bullet-proof*)” at “hungkag (brain dead)” na Pambansang Kapulungan.⁹ Kinalaunan, naging hinuha ng ilang mga sibikong pinuno na, “ang katiwalian sa Korea ay lubhang seryoso na naging ito ang nangungunang balakid na humahadlang sa kaunlaran ng lipunang Koreano (*corruption in Korea was so serious that it was the foremost obstacle hindering the progress of Korean society*).”¹⁰ Sa panahong papalapit na ang mga halalan para sa Pambansang Kapulungan (parlamento) ng Abril 2000, nawalan na ng tiwala ang publiko sa mga politiko, mga politikal na partido, at ang kabuuang politikal na sistema.¹¹

Kampanya: “Ipalit Natin sa Lumang Politika ang Lakas ng Mamamayan”¹²

Mga pinagmulan. Naging pangunahin sa mga pagsisikap ng lipunang sibil na pagkaisahin ang demokrasya ng Korea sa mga repormang pampolitika at laban sa katiwalian. “Sinundan ng kilusang kontra-katiwalian ang mga demokratikong pagkilos ng mga nakaraang dekada (*The*

anti-corruption movement succeeds the democratic movements of the past decades),” wika ni Geo-sung Kim, isang beterano ng kilusang pang-demokrasya at Tagapangulo ng Transparency International Korea.¹³

Naglunsad ang PSPD, na itinatag noong 1994, ng serye ng mga sibikong inisyatiba noong dekadang iyon, mula sa Transparent Society Campaign noong 1996, upang makapagpasa ng matibay na batas na kontra-katiwalian, hanggang sa Sunshine Project noong 1998, na isinulong na mabago ang umiiral na Freedom of Information Act, mapalakas ang paggamit nito, at maibisto ang mga di-wastong paghawak sa badyet.¹⁴ Noong simula ng dekada '90, nagsimula ang mga organisasyon ng lipunang sibil na manmanan ang mga maykapangyarihan, na noong una’y para sa patas ng mga halalan at mga inisyatiba sa “pagmanman ng munisipal na kongreso (*municipal congress watch*).¹⁵ Noong 1999, dinala ng isang koalisyong binubuo ng 40 organisasyon, kabilang ang nabanggit na PSPD, CCEJ, KFEM, at ang Korean Women’s Associations United (KWAU), ang taktikang ito sa isang panibagong antas. Noong ika-8 ng Setyembre, inilunsad ang “Pagbubuklod ng mga Mamamayan para sa Pagmanman sa Inspeksiyon ng Pambansang Kapulungan ng mga Tanggapan ng Pamahalaan (*Citizens’ Solidarity for Monitoring the National Assembly Inspection of Government Offices*)” upang maitala ang pagdalo sa mga sesyon ng mga mambabatas, magsagawa ng ebalwasyon na kanilang pagganap sa tungkulin, at siyasatin kung ang listahan nila ng 166 na “planong reporma (*reform tasks*)” ay sapat na tinutugunan sa mga komite.¹⁶ Nang harangin ang mga tagamanman – mga eksperto ng lipunang sibil na may kaugnay na karanasang propesyonal – mula sa pagdalo sa mga sesyon, idinagdag ng koalisyon ang mga demonstrasyon sa lansangan at ang mga komunikasyon sa telepono, fax, at e-mail sa mga sandata nito, na sama-samang nakakuha ng atensiyon ng media

at nakalikha ng debateng pampubliko. Noong ika-20 ng Oktubre, nagtapos ang kampanya na inilalathala ang isang ulat na hinahatulan ang ranggo ng mga mambabatas batay sa husay ng kanilang pagganap sa tungkulin. Gayunpaman, hindi nagtagumpay ang inisyatiba na makakuha ng kumpletong akses sa mga pagdinig ng Pambansang Kapulungan. May hindi inaasahang epekto ang ipinagpapalagay na kabiguang ito. Ayon kay Taeho Lee, beterano ng kilusang pang-demokrasya at Kahaliling Punong Kalihim ng PSPC, pinakilos nito ang sibikong espasyo.¹⁷ Makalipas ang mga taong pagsisikap, naging kongklusyon ng mga sibikong organisasyon tulad ng PSPD na hindi nagbago ang mga politikal na partido sa Korea at hindi kinakatawan ng mga politiko ang mga interes ng sambayanan.

Naging isang pampublikong isyu ang mapanghamak na pag-uugali ng mga mambabatas. Nagalit ang mga mamamayan sa kanilang mga pangangatwiran, mula sa mga di-mahahalagang kadahilanan mula sa kakulangan umano ng espasyo sa mga silid-pulungan hanggang sa mga argumento na hindi walang kasanayan at pati na rin karapatan ang lipunang sibil na manmanan ang kanilang mga hinalal na kinatawan. Napagtanto ng PSPD na mayroong “pangangailangan para sa mas makangyarihang aksiyon (*need for more powerful action*).”¹⁸ Ngunit ano?

Pagkatapos niyon, noong Oktubre ng 1999, sa oras ng isang pangunahing debate sa telebisyon na itinatampok ang mga kasapi ng Pambansang Kapulungan at si Lee, dineklara niyang ang mga mamamayan ay may karapatan hindi lamang sa pagmamanman sa mga mambabatas, kundi may karapatan din silang talunin ang mga ito sa mga halalan. Pagkatapos ng programa, nalaman mula sa isang botohan ng mga manonood na higit sa 80 bahagdan ang sumasang-ayon sa kaniya. Sa araw na iyon, naipunla ang binhi para sa Citizens Alliance for the General Elections 2000 (CAGE).

Nang magtatapos na ang taong 1999, lumikha ang 15 organisasyong sibiko ng isang task force upang tingnan ang posibilidad ng kampanya mula sa ibaba upang isakatuparan ang bagong ideyang ito, ang inisyatibang pag-*blacklist* (paggawa ng talaang-itim). Nagsilbing tagapamagitan ng grupo ang PSPD. Nagsimula ang ideya ng pag-blacklist mula sa nabanggit na Transparent Society Campaign, na gumawa ng listahan ng mga mayhawak ng kapangyarihan sa estado – ang mga mambabatas, ministro at kahaliling ministro – na nasasangkot sa malawakang eskandalo sa katiwalian na ginulantang ang bansa.¹⁹

Estratehikong pagsusuri. Sa simula, ulat ni Lee, estratehikong sinuri ng task force ang buong sitwasyon. Nakumpleto ang pag-aanalisa noong ika-18 ng Disyembre. Sinuri ng mga kasapi ang kanilang mga potensiyal na kalakasan at kahinaan. Nahinuha nila na sa pangkalahatan, ang isang kalakasan nila ay ang pagkakaroon ng suporta ng karaniwang publiko, samantalang ang kanilang pangunahing kahinaan naman ay wala silang network na nasasaklaw ang buong bansa and kinakailangan nilang agad na lumikha ng isa. Tumukoy din sila ng dalawang pangunahing balakid. Una, habang ang kampanya na mag-blacklist at talunin ang mga tiwaling politiko ay lalabag sa Artikulo 87 ng Batas sa Halalan, kinakailangan nilang maging handa para sa mga kahirinatnan at malampasan ang mga agam-agam sa bahagi ng mga sibikong grupo at mga mamamayan na makisangkot.²⁰ Upang tugunan ang hamong ito, nagpasiya silang sistematikong timbangin ang mga pananaw ng publiko at ang kanilang pagpayag na gumawa ng aksiyon. Kaya, noong simula ng Enero ng 2000, isang siyasat ng representatibong grupo ng 500 katao mula sa buong bansa ang ginawa. Binigyan ang mga tagasagot ng tatlong pangunahing tanong, na inilagom ni Lee sa sumusunod:

- 1) Lehitimo ba para sa lipunang sibil (mga organisasyong sibil at mamamayan) na tasahin, alisin ang kalipikasyon, at hangaring matalo ang mga kandidato para sa Pambansang Kapulungan? (Resulta: 79.8 bahagdan ang sang-ayon)²¹
- 2) Kahit na ilegal ang mga gawaing ito sa ilalim ng Artikulo 87 ng Batas sa Halalan, susuportahan mo ba ang kampanyang ito ng paggapi? (Resulta: 71.8 bahagdan ang nagsabi na susuportahan nila ang pagkilos, kahit ilegal pa ito).²²
- 3) Iniisip mo bang dapat na palitan ang batas na ito? (Resulta: 65.1 bahagdan ang nagsabing ang mga restriksiyong nakapaloob sa batas ay dapat baguhin dahil may karapatan ang mga mamamayan na magsagawa ng isang talaang-itim.)²³

Gayundin, nakuha ng siyasat ang mga pananaw ng mga tao tungkol sa kriteryo para sa talaang-itim. Natanto ng task force na: nais ng mga tao ang kampanya ng pag-blacklist; nais nila ng pagbabago sa Batas sa Halalan; at kung hindi posible ito, nais nila ng panlipunang pagsuway at di-marahas na direktang kilos. Pinatibay ng siyasat ang ideya ni Lee na napukaw noong debate sa telebisyon. “Ang mga botante ay ang paraan para magkaroon ng karapatan (*Voters are the means to have rights*),” pagninilay niya. Bukod dito, binigyan ng siyasat ang mga sibikong pinuno ng kinakailangang bala upang mabilis na mahimok ang mga organisasyon ng lipunang sibil, mga organisasyong pribado, at mga grupo ng mamamayan na sumali sa alyansa. Ikahuli, tinulungan ng siyasat ang mga tagaplano ng CAGE na lapitan ang mga sibikong organisasyon, na hindi kumportable sa paglabag ng Batas sa Halalan, ng may kasamang pagtitiyak na suportado ang malawakang panlipunang pagsuway ng mga karaniwang tao.

Ang naging ikalawang hadlang ay nang ang mga maykapangyarihan ay walang dudang aakusahan sila ng politikal na pagkapartisano, upang pahinain ang kampanya. Upang salungatin ang mga gayong pag-atake, nagpasiya ang mga sibikong pinuno ng isang polisiya sa katapatan. Sa praktika, ito ay kinabibilangan ng: paglathala ng mga kriteryo sa talaang-itim; pagbatay ng mga pagsusuri sa mga bukas sa publikong impormasyon, at pagpakita ng mga ito sa website ng CAGE; pagsama sa mga mamamayan sa mga deliberasyon, at pagiging patas sa paglalagay sa talaang-itim, na hindi tinitingnan ang katagalan, kapangyarihan at kaanib na partido ng politiko.

Mga layon, estratehiya, bisyon, at planong aksiyon. Nang may nalalabi na lamang na humigit sa tatlong buwan bago ang mga halalan, agad na kumilos ang task force para gawin ang plano ng kampanya. Tumukoy sila ng tatlong layon: baguhin ang Artikulo 87 ng Batas sa Halalan; pahusayin ang kalidad at integridad ng mga kandidatong tumatakbo sa mga halalan sa Abril; at alisin ang mga “tiwali at walang kakayahang politiko (*corrupt and incapable politicians*)” mula sa Pambansang Kapulungan.²⁴ Kinabibilangan ang kabuuang estratehiya ng “kampanya ng mga botante sa pag-alis sa nominasyon at pag-alis sa halalan (*de-nomination and de-election campaign by voters*)”, sa madaling sabi, ang sikapang pigilin ang mga tiwaling politiko na maging nominado at talunin ang mga napili pa ring maging kandidato.²⁵

Sa pangkalahatan, may dalawang bahagi ang kanilang bisyon. Una, hinangad nilang baguhin: ang mga pagpapahalaga ng politikal na establisimyento; mga tiwaling gawi ng mga politikal na partido; at paglabag sa tungkuling-bayan ng mga hinalal na kinatawan. Ikalawa, nais nilang magtamo ng tunay na demokrasyang may pakikilahok sa Korea, bilang nasusulat sa Artikulo 1 ng Saligang-Batas, na sinasabing: “Ang Republika ng Korea ay isang demokratikong republika.

Ang soberenya ng Republika ng Korea ay nananahan sa mamamayan, at ang lahat ng awtoridad ng estado ay nagmumula sa taumbayan (*The Republic of Korea is a democratic republic. The sovereignty of the Republic of Korea resides in the people, and all state authority emanates from the people*).”²⁶ Sa ibang salita, “kailangan nating baguhin ang sistema at ang kamalayan ng publiko (*we need to change the system and public consciousness*),” pagdidiin ni Geo-sung Kim.²⁷

Gumawa ang task force ng plano ng kampanya na nakasentro sa nakapagtatakdang paraan – ang pag-blacklist ng mga di-karapat-dapat na kandidato – kung saan umiikot ang isang pangkat ng mga di-marahas na taktika.²⁸ Ang mga sentral na elemento ay:

1. Pagbuo ng isang koalisyon
2. Pagtukoy ng mga kriteryo sa pag-blacklist
3. Paghati ng sibikong inisyatibo sa dalawang yugto:
 - *Nakchon* (Tanggapin sa nominasyon) – tapat na pagsusuri ng mga potensiyal na mga nominadong kandidato ng partido → unang talaang-itim ng mga di-karapat-dapat na politikong maaaring maghangad na mapabilang sa nominasyon → puwersa ng lakas ng bayan sa mga politikal na partidong hindi isama ang mga ito sa nominasyon → lakas ng bayan sa mga partido na tanggalin sa nominasyon o, sa madaling sabi, bawiin ang mga pangalang iyon mula sa mga listahan ng partido kahit pa nominado na;
 - *Naksun* (Talunin) – ilathala ang ikalawang talaang-itim ng mga di-karapat-dapat na kandidato → pagpapakilos ng mamamayan upang talunin ang mga kandidatong ito sa botohan sa parlyamentaryo sa ika-14 ng Abril.

“A” ay para sa alyansa. Sa pagitan ng Disyembre ng 1999 at unang bahagi ng Enero ng 2000, lumapit ang task force sa malaking bilang ng mga nasyonal at lokal na sibikong network, mga organisasyon pribado, mga grupo ng lipunang sibil, mga edukasyonal, propesyonal, at relihiyosong organisasyon (Budista, Protestante, at Katoliko), mga grupo ng mga mag-aaral at kabataan, mga kultural na grup, mga asosasyong pangkomunidad at mga grupo ng mamamayan.²⁹ Kinabilangan ito ng samu’t saring grupo tulad ng mga pamilya ng mga bilanggong politikal hanggang sa buong kapisanan ng YMCA at YWCA, at kinalauna’y pati ang network ng mga artista at asosasyon ng mga kartunista. “Iminungkahi namin sa kanila na sumali sa kampanya at ipinakita namin ang resulta ng siyasat at ang plano ng kampanya (*We proposed to them to join the campaign and presented the poll results and campaign plan*),” ani Lee. Tinukoy ng mga kasapi ng task force ang posibilidad ng pagkakabilanggo at pagmumulta buhat ng paglabag sa Batas sa Halalan, at hiniling sa mga puno ng mga sumasalang organisasyon na lumagda ng pagkilalang tinatanggap nila ang mga panganib na ito. Upang mapanatili ang maliwanag na tuon at palaguin ang alyansa, napagdesisyunang bibigyan ng tuon ang katiwalian. “Kailangan naming tumukoy ng isang isyu na sasang-ayunan ng bawat isa at ang katiwalian ay isang bagay na galit ang lahat,” paliwanag ni Lee. Noong ika-12 ng Enero ng 2000, sa gitna ng magarbong seremonya sa Seoul Press Center, inilunsad ng 470 organisasyon ang Citizens Alliance for the General Election 2000 (CAGE).³⁰ Nagpresinta ang alyansa ng isang “Sibil na Manipesto para sa Repormang Pampolitika (*Civil Manifesto for Political Reform*).” Idineklara nitong:

...ang politika sa Korea ay nananatili pa rin sa panahon ng nakaraang dantaon kung kailan inilalatag ng lipunan at ng tao ang kanilang daan patungo sa bagong dantaon at pati na rin sa bagong milenyo. Ang katiwalian sa politika ang pinakamasahol na balakid na humahadlang sa pag-usbong ng reporma sa lipunang Koreano na hindi na nararapat na pahintulutan pa (*...politics in Korea still remains in the time of the past century when the society and the people therein prepare their way into a new century as well as a new millennium. Political corruption in general is the worst obstacle hindering the progress of reform in Korean society that must no longer be tolerated*).³¹

Nagdulot ang mismong pagkalikha ng CAGE ng malakas na tinig sa politikal ng establisyimento. Sa sumunod na araw, naging ulo ng balita ng isang pangunahing pahayagan, ang *Dongo Ilbo*, ay, “Nanginginig ang mga Politikal na Partido: Paano kung nasa listahan ako (*Political Parties are Trembling: What if I am on the List?*)?”³² Sa sandaling tumakbo na ang kampanya, lumago ang koalisyon sa kahanga-hangang laki – 1104 sibikong network at grupo.³³ “Naging mas malaki ito kaysa sa inaasahan namin (*It became bigger than we expected*),” saad ni Lee.

“B” ay para sa pag-blacklist. Sentral sa kampanya ay ang maliwanag na paraan ng pag-blacklist, kung saan tinutukoy kung ang mga tiwaling politiko ay di-karapat-dapat na tumakbo para sa posisyon, habang ang pagpapakilos ng mamamayan at mga di-marahas na kilos ay pinalalakas ang loob ng mga botante upang talunin ang mga kandidato sa mga halalan. Kapansin-pansing pagsisikap ang ginawa upang mabuo ang mga kriteryo. Batay sa mga impormasyong mula sa siyasat na ginawa noong Enero ng 2000 at mga diskusyon kasama ang mga mamamayan, ang Task Force ay nagsulat ng borador ng mga pangkat ng kriteryo, na sinuring muli at ginawang

pinal ng Ehekutibong Komite ng CAGE, paliwanag ni Lee. Ang mga kriteryo, na isinalin ng PSPD sa wikang Ingles, ay ang mga:

1. Corrupt activities (Mga tiwaling gawain)
2. Violation of the Election Law (Paglabag sa Batas sa Halalan)
3. Anti-human rights activities and destruction of democracy and constitutional order (Mga gawaing labag sa mga karapatang pantao, at ang pagsira sa demokrasya at pagkakaayos ng saligang-batas)
4. Insincerity in law-making and activities against the (National) Assembly and electorate (Kawalan ng katapatan sa paggawa ng batas at mga gawain laban sa (Pambansang) Kapulungan at sa mga tagaboto)
5. Positions on reforming bills and policies (Mga posisyon sa mga repormang panukala at polisiya)
6. Suspect behaviors reflecting on the basic qualification for politicians (Kataka-takang kaugaliang sumasalamin sa batayang kalipikasyon para sa mga politiko)
7. Failure of civic duties, such as military service and paying taxes (Kabiguan sa pagtupad ng mga sibikong tungkulin, tulad ng pagseserbisyo sa militar at pagbabayad ng mga buwis).³⁴

Itinuturing ang unang tatlong kriteryo bilang pinakamahalaga at tiyak sa pagtukoy ng mga talaang-itim.³⁵ Ang rekord sa pamamahala ng mga politiko ay siniyasat ayon sa mga sumusunod:

- Kumbiksiyon sa pangunguha ng mga suhol at paglabag sa mga Batas sa Halalan
- Paninilbihan sa awtoritaryanong rehimen ni Chun Doo Hwan bilang kasapi ng Lehislatibong Komite ng Konseho ng Pambansang Seguridad

- Pag-udyok ng “poot panrehiyon (*regional animosity*)” upang makakuha ng suporta ng botante mula sa isang partikular na lugar.
- Paulit-ulit na paglipat ng kinabibilangang partido
- Kahina-hinalang pamumuhunan sa mga pingkas
- Pagdalo sa mga magastos na paglalakbay sa ibang bansa
- Paglalathala ng mga pahayag na “di-kanais-nais sa isang mambabatas (*unbecoming to a lawmaker*)”³⁶

Binatay ang mga pagsusuri sa mga dokumentasyong bukas sa publiko, kabilang ang:


1. Mga ulat ng Pambansang Kapulungan
2. Pagsasaklaw at pag-uulat ng pangmadlang media sa loob ng huling sampung taon
3. Mga ulat sa hukuman
4. Mga ulat mula sa mga mambabatas
5. Kaugnay na mga aklat at polyeto
6. Paghahambing ng mga pangako noong kampanya sa mga aktuwal na gawain habang nanunungkulan sa opisina.³⁷

Sa ilang kaso, tagumpay na napuwersa ng CAGE ang pamahalaan para sa mandatoryong paglathala ng mga dating kriminal, pambuwis, at panserbisyong militar na rekord ng mga kandidato.³⁸ Habang inaasahan ang mga pag-atake ng oposisyon mula sa mga politikong pinangalanan sa talaang-itim, bumuo ang mga organisador ng kampanya ng tatlong aktibong tagasalungat na estratehiya sa proseso ng pagtatasa: paggamit ng impormasyon ukol sa pampublikong rekord; pagpapadala sa mga politiko ng mga kopya ng negatibong

dokumentasyon at pagbibigay sa kanila ng pagkakataong magpaliwanag; at pagsusuring muli ng mga ligal na usapin, tulad ng libelo, sa pamamagitan ng ekspertong “Pangkat ng mga Tagapayong Abogado (*Lawyers Advisory Team*)” ng CAGE.³⁹ Isang komplikado at konsultatibong balangkas ang nilikha para sa proseso ng pag-blacklist. Ang mga pagsusuri ay isinaayos ng pangkat na kontra-katiwalian ng PSPD at isinagawa ng isang boluntaryong tagasiyasat na grupo ng mga sibikong eksperto, kabilang na ang mga abogado at aktibista mula sa mga larang tulad ng paglaban sa katiwalian, kalikasan, at mga karapatan ng kababaihan. Ibinigay ang mga resulta sa ilang komite ng CAGE, mga pangkat at mga katawang pang-organisasyon.

Dagdag pa, ipinagpalagay ng CAGE na mahalagang isama ang mga karaniwang mamamayan sa proseso ng pag-blacklist, hindi lamang upang manatiling totoo sa likas na pagkasibiko ng inisyatiba, ngunit upang mapataas din ang pagkalahitimo ng mga talaang-itim at salungatin ang mga akusasyon ng pagkapartisano at kakulangan sa katumpakan ng maykapangyarihan. Nakalikha ang mga kasapi ng Task Force ng makabagong solusyon – ang Komite ng 100 Botante (*100 Voters Committee*). Hiningi nila ang tulong ng isang kompanyang tagasiyasat upang makabuo ng mga kriteryo sa paglikha ng grupo ng 100 Koreanong representatibo ng buong bansa. Isang matrix ang nilikha upang isabalangkas ang komposisyon ng komite at gabayan ang pagtukoy ng mga potensiyal na kalahok. Ang sumunod na hakbang ay ang random na pagpili ng mga laykong kasapi mula sa mga miyembrong organisasyon ng Task Force, na mga karaniwang mamamayang nagboboluntaryo sa mga sibikong organisasyon sa halip na mga aktibista o kawani. Mula sa grupong ito, tinukoy ang isang pangkat ng mga indibidwal ayon sa mga kriteryo ng matrix. Hinati-hati ng Task Force ang mga responsibilidad upang lapitan ang

mga taong ito at imbitahan silang sumali sa Komite ng mga Botante. Ang komite ay “gumanap bilang isang hurado (*functioned as a jury*),” ulit ni Lee.⁴⁰ Gamit ang mga resulta ng nagsisiyasat na pangkat, nagbigay ang Komite ng mga rekomendasyon para sa talaang-itim sa Lupon ng mga Kinatawan ng CAGE. Tinukoy ang mga pinal na talaang-itim sa pamamagitan ng pagboto ng Pangkalahatang Kapulungan ng CAGE.⁴¹



The 100 Voters Committee

Composition

Gender	Age	Occupation	Region	
Male	51		Seoul -	25
Female	49		Busan & Kyungnam -	16
	20s - 27	Farmers - 11	Daegu & Kyungbuk -	11
	30s - 28	Self employed - 12	Incheon & Kyungkido -	25
	40s - 19	Factory workers - 17	Honam -	11
	50s and above-26	Office workers - 14	Daejeon -	2
		University students-5	Chungbuk -	2
		Housewives - 33	Chungnam -	4
		None - 8	Gangwon -	3
			Jeju -	1

Ang pahintulot sa paglathala ay ipinagkaloob ni Taeho Lee, PSPD.

Sa yugto ng Tanggalin sa Nominasyon, na-blacklist ang kabuuan sa 102 politiko. Noong ika-24 ng Enero, sa isang live na programang pantelebisyon ipinalabas sa mga pangunahing channel, na wala pang nakakagawa dati, inilathala ng CAGE ang mga pangalan ng 66 mambabatas sa Pambansang Kapulungan na itinuturing na “di-karapat-dapat na gawing nominado ng anumang partido (*unfit to be nominated by any party*).”⁴² Marami sa kanila ay mga taong maimpluwensiya mula sa kapuwa kasalukuyang nanunungkulan at mga partido ng oposisyon. Ang layon ay puwersahin ang mga partidong pigilin ang pagsasama sa nominasyon ng mga indibidwal na ito bilang mga kandidato. Naglabas ang kampanya ng pangalawang listahan ng 46 na politiko noong ika-27 ng Enero, kung saan ang 41 ay hindi kasalukuyang naninilbihan sa Pambansang Kapulungan ngunit sila’y mga dating mambabatas o nakatatandang mga kasapi ng gabinete, pati na ang mga gobernador at alkaldeng inaasahang maghahangad na mapabilang sa nominasyon.⁴³

Mula dito, gunita ni Lee, 10 indibidwal ang nagpasiyang hindi na tatakbo, ang ila'y dahil sa kanilang politikal na sitwasyon at ang iba pa dahil sa kampanya, ang huli ay nagpapakita ng unang tagumpay ng CAGE! Ang reaksiyon ng mga maykapangyarihan ay gaya ng inaasahan ng CAGE – labis na pagpuna, at akusasyon ng pagkapartisano, sabwatan at panghihimasok. Itinulad ng ilang mga politikal na partido ang kampanya sa “politikal na terorismo” (*political terrorism*).⁴⁴

Noong ika-3 ng Abril, 10 araw bago ang halalan, sa isang pangunahing kumperensiya ng mga mamamahayag, naglathala ang CAGE ng pinal na ‘Defeat Blacklist (Talaang-itim ng mga Tatalunin)’, na kinabibilangan ng 86 na kandidato, kasama ang 64 mula sa orihinal na ‘Denominate Blacklist (Talaang-itim ng mga Tatanggalin sa Nominasyon)’. Habang inaanunsiyo ang mga pangalan, nagwagayway ang mga kasapi ng CAGE ng mga pulang kard, katulad ng mga ginagamit ng mga reperi sa mga larong putbol upang ipahiwatig ang pag-alis sa manlalarong nakagawa ng paglabag sa alituntunin.⁴⁵ Dagdag dito, tumukoy ang punong-abala sa Seoul ng 22 estratehikong distrito kung saan isasagawa ang mga konsentradong pagsisikap upang talunin ang mga partikular na makapangyarihan at tiwaling kandidato. Isa-isang itinalaga ang mga pinuno ng kampanya na maging pangunahing responsable sa bawat isa sa mga presintong ito.⁴⁶



'C' ay para sa citizen engagement/pakikilahok ng mamamayan. Kaalinsabay ng paglathala sa unang talaang-itim, naglunsad ang CAGE ng malawakang programa ng pagpapalagda sa buong bansa na nagpatuloy hanggang sa mga halalan. Bagaman hindi tuluyang naabot ng alyansa ang tunguhin nito (10,000 botante mula sa bawat isa sa 227 presinto ng bansa), sa pangkalahatan, pasulat na nangako sa tungkulin ang humigit-kumulang 250,000 katao na boboto sila sa mga halalan, ngunit hindi para sa mga kandidatong na-blacklist. Ito ay isang mahusay na taktika para sa malawakang kilos na may mababang panganib. Lumikha ito ng katwiran para makihalubilo sa mga karaniwang tao at makakuha ng impormasyon tungkol sa kanilang mga pananaw, ipaalam sa kanila ang tungkol sa kampanya, mapanalo marahil ang kanilang suporta, palakasin ang kanilang loob na makilahok, at makamtan ang kanilang katapatan na tanggihan ang mga tiwaling kandidato. Sa mga sandali bago ang araw ng pagboto, pinalakas ng mga lokal na sangay ang kanilang pakikitungo sa mga mamamayan. Ang mga kasapi – na pangunahing aktibo bilang mga sibil na mamamayan sa halip na mga kawaning may suweldo – ay tumawag nang personal sa

mga botante sa kanilang lokalikad. Ibinahagi ni Lee na hindi nila batid kung ilang tawag ang nagawa sa kabuuan, ngunit sa ilang distrito, tulad ng sa Incheon, tinawagan ng mga lokal na kasapi ang bawat botante. Nagpadala rin ng e-mail ang mga organisador sa Seoul sa mga lokal na sangay ng CAGE na naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga kandidatong napabilang sa talaang-itim sa kanilang distrito, na direktang ipinadala rin nila sa mga botante.

“D” ay para sa (civil) disobedience/panlipunang pagsuway. Idineklara ng CAGE sa publiko ang “prinsipyo ng pagsuway (*principle of disobedience*)” laban sa binanggit na Artikulo 87 ng Batas sa Halalan. Ipinaglaban ng mga sibikong pinuno na may karapatan ang mga tao na tasahin ang mga kandidato. “Bilang batayan, nakalaan ang halalan para sa mga botante pati na rin sa mga kandidato, at garantisado [sa ilalim ng batas] ang kalayaan sa pamamahayag ng mga botante (*Basically, the election is for voters as well as candidates, and freedom of expression of voters is guaranteed [under the law]*),” giit ni Lee. Tinukoy nila na pati ang mga mambabatas ay nilalabag ang batas na ito; ngunit ang pagkakaiba ay hindi sila naparurusahan sa mga paglabag na iyon, samantalang ang kampanya ay hindi tinatago ang ginagawa nito at malugod na pumapayag na danasin ang mga kahihinatnan ng kanilang mga kilos.

Mga taktika. Ang batayang prinsipyo, saad ni Lee, ay nang ang pamunuang pambansa ay bubuo ng mga inisyatiba ng pag-abot na saklaw ang buong bansa at pag-organisa ng mga di-marahas na pagkilos sa kabisera na dinisenyo upang makuha ang atensiyon ng nasyonal na media, habang ang mga lokal na sangay ay isinasagawa ang kanilang sariling gawain. Ilang sandali pagkatapos mailathala ang unang talaang-itim ng mga di-karapat-dapat na kandidato, naglunsad ang mga punong-abala ng mga gawain sa Seoul na nagpatuloy hanggang halalan. Mula ika-2 ng Marso

hanggang ika-6, nagtayo ang mga organisador ng isang “Plaza para sa Reporma sa Politika (*Political Reform Plaza*)” sa Katedral ng Myeongdong, isang simbolo at pook ng pagsalungat ng mamamayan simula pa noong dekada ‘70.⁴⁷ Saklaw ng ibang mga taktika ang okupasyon sa mga tanggapan ng politikal na partido upang ipanawagang hindi gawing nominado ang mga di-karapat-dapat na politiko, mga demonstrasyon, mga martsa, pagpapailaw ng mga kandila sa kilos-protesta (ika-5 ng Marso), pagpaskil ng malaking bandila sa gusali, teatrong panlansangan, at mga katawa-tawang pagtatanghal tulad ng pamimingwit kuno ng mga pulang kard pamputbol mula sa timba ng tubig.⁴⁸ Nag-organisa rin ang mga grupo ng kababaihan ng mga kilos, kabilang na ang demonstrasyong itinulad sa pagwawalis, at pati ang isang protesta noong ika-31 ng Marso. Nagdaos rin ang mga kabataan ng mga demonstrasyon at mga gawain sa mga paaralan at pamantasan. Madalas na ginamit ang pagbuo ng piket, at namigay din ng mga polyeto, pulang lobo, dilaw at pulang kard pamputbol, mga button pin at mga tsapa sa marami sa mga pagkilos sa lansangan. Itinampok sa huling dalawang aytem ang simbolo o islogan ng kard pamputbol ng kampanya, kabilang ang: “Alis (*Out*)”, “Boboto Ako (I Vote)” at “Baguhin/ Baguhin (*Change/ Change*).” Nakuha rin ng CAGE ang pahintulot ng sikat na mang-aawit na si Jeong-hyun Lee na gamitin ang masayahin niyang tugtog na may titulong “Change, Change! (*Baguhin, Baguhin!*).” Dahil ang mga pagkilos sa lansangan ay binubuo ng mga kilos ng panlipunang pagsuway, lumikha ang mga aktibista ng matalinong taktika upang lituhin ang Batas sa Halalan – mga protesta sa lansangan na pang-isang tao.⁴⁹

Sa aktuwal na pagsasagawa, dahil napakaiksi ng kaukulang oras buhay ng petsa ng halalan sa Abril, napagpasiyahan ng mga tagaplano sa Seoul na kailangan na nilang manghimasok upang makalikha ng momentum sa ibaba, at magdisenyo ng mga taktika na nagpasigla sa mga lokal na

sangay, nagpalakas sa kanilang mga kasapi, at naghimok sa mga mamamayan. Noong ika-30 ng Enero, pinakilos ng CAGE ang unang pambansang mobilisasyon nito – ang “Araw ng Pagpapanumbalik ng mga Karapatan ng Sambayanan (*Recovery Day of People’s Rights*).”

Idinaos ang mga kilos-protesta sa Seoul at anim na pangunahing lungsod. Habang binabasa ang bawat pangalan mula sa Talaang-itim ng mga Nominado, iwinagayway ng mga tao ang kanilang mga dilaw na kard pamputbol. Pagkatapos niyon ay noong ika-1 ng Marso, ang opisyal na araw ng kalayaan ng Korea mula sa aneksiyong Hapon noong 1910, nagdaos ang CAGE ng isang “Araw ng Soberenya ng Sambayanan (*People’s Sovereignty Day*).” Naglathala ang mga organisador ng pangmamamayang “Kartilya ng Kalayaan (*Independence Charter*)” at sa isa pang pagkakataon ay nagtipon-tipon para sa mga kilos-protesta sa anim na pangunahing lungsod.⁵⁰

Muli, ipinamahagi ang mga dilaw na kard at iwinagayway ang mga ito ng mga tao habang tinatawag ang pangalan ng bawat politikong na-blacklist. Sa gitna ng Marso, gunita ni Lee, nagdaos ang kampanya ng una sa dalawang karabana sa palibot ng buong bansa, na humihimpil sa 19 na lungsod upang mapagwagian ang suporta ng mga mamamayan at malikom ang kanilang mga lagda para sa pangako ng talaang-itim. Ikahuli, bumuo ang mga punong-abala ng makabagong taktika. Sa bawat isa sa 22 estatehikong distrito, nagpadala ang kampanya ng “isang tanyag na pinuno ng kilusang sibil upang gumanap bilang palihim na kandidato, na taong lohikal na katapat ngunit isang simbolikong katunggali (*a famous civil movement leader to act like a shadow candidate, someone that was a logical counterpart but a symbolic rival*),” paliwanag ni Lee. Ang isang kandidatong isa ring tiwaling piskal ay nadaig ng isang respetadong abogado sa karapatang pantao. Sa isang distrito, ang laban ay sa pagitan ng “lalaking labis na pinarangalan ang pagkalalaki at isang diplomatiko at balingkinitang babaeng sibikong pinuno,” dagdag niya.

Bilang karagdagan sa mga pambansang taktikang itong pinangasiwaan ng punong-abala sa Seoul, nagsimula ang ilan sa mga “kagawaran (*departments*)”, o ang mga espesyal na grupo, ng mga gawain. Nagdao ang mga propesor na sangkot sa CAGE ng mga panayaw para sa mga mag-aaral at pamantasan, habang nagbukas naman ang mga guro ng mga espesyal na klase sa mga paaralang elementarya at sekondara. Sa ikalawang linggo ng Marso, iniulat na ang Korean Teachers and Educational Workers Union ay nakapagbukas ng mga “Klase sa Demokrasya (*Democracy Classes*)” sa lahat ng mga paaalan sa buong bansa, na nakakuha ng atensiyon ng buong bayan sa pagtakbo ng proseso.⁵¹ Inorganisa ng kagawaran sa kabataan ang Red Festival, isang malawakang kaganapan para sa mga kabataan na minodelo mula sa maalamat na Woodstock Festival ng 1969. Bitbit ang proklamasyong, “Halina’t Dumalo, Maglibang, Bumoto, at Baguhin ang Mundo (*Go, Play, Vote and Change the World*),” nagdaos ito ng iba’t ibang mga gawain, na naging tampok ang isang konsiyertong dinaluhan ng mga sikat na mang-aawit.⁵² Sa dulo ng pagtatanghal, iwinagayway ng mga manonood ang alon ng mga pulang kard habang isinisigaw ang “Alis (*Out*)” kasabay ng ritmo ng musika. Kasama ang tinatayang 50,000 katao, ito na ang pinakamalaking mobilisasyon ng kampanya sa lansangan.⁵³

Sa pagdating ng Marso, sinimulan nang gawin ng mga lokal na sangay ang kanilang mga sariling taktika, kabilang ang pagpapailaw ng kandila sa mga kilos-protesta, mga lokal na martsa sa mga lungsod, programa sa pagkalap ng mga lagda, at mga protesta ng kabataan, kagaya ng sa lungsod ng Incheon. Sa timog-kanlurang rehiyon, nag-organisa ang mga mamamayan ng kilos-protesta ng mga siklista at naglunsad naman ang magsasaka ng mga kumboy. Idinaos ang mga kilos-protesta sa mga lalawigan sa silangan. Sa Daegu, isang malaking lungsod sa timog-silangang bahagi ng Korea, nagtampok ang isang programa ng kampanya ng protesta ng mga bata kasabay

ang isang malaking bandila kung saan itinatak ng mga mamamayan ang kanilang mga palad gamit ang pintura.

Ikahuli, nakagawa rin ang kampanya ng mga gabay na materyales para sa mga botante, ukol sa mga pangunahing paksa tulad ng mga reporma sa politika at hudikatura. Ang layunin ay hindi lamang para bigyan ang mga botante ng makabuluhang impormasyon, kundi para ipakita rin nang maliwanag sa politikal na establisyimento na dapat na isama ng mga partido ang pagtalakay tungkol sa mga panukalang polisiya sa panahon ng kanilang mga kampanyang panghalalan.⁵⁴

Pananakot. Pagkalathala ng inisyal na talaang-itim, naghabla ng kasong ligal ang mga pangunahing politikal na partido sa alegasyon ng paninirang-puri at paglabag sa Arikulo 87 ng Batas sa Halalan.⁵⁵ Noong ika-17 ng Pebrero, ipinatawag si Park won Soon, ang tagapangulo ng Standing Committee ng CAGE, kasama ang isang kolega mula sa PSPD, sa Tanggapan ng Pamublikong Piskal dahil sa paglabag sa Batas sa Halalan. Isinalaysay ni Lee na ang ilang pinuno ng CAGE ay pinagmulta, inaresto, at sa ibang pagkakataon ay sabay na pinagmulta at inaresto. Humarap ang ilang mga aktibista at mga sibikong organisasyon ng “negatibong panlipunang panggigipit sa pagtindig sa mga na-blacklist na kandidato (*negative social pressure for standing up to blacklisted candidates*),” at dumanas sila ng “emosyonal na paghihirap (*emotional difficulties*),” dagdag niya. Gayunpaman, bihira ang hayag na karahasan. Sa ilang okasyon, pisikal na tinatakot ng mga tagapagkampanya ng mga na-blacklist na kandidato ang mga aktibistang nangangasiwa sa mga pagkilos sa lansangan at karabana.⁵⁶ Ngunit handa ang CAGE. Paliwanag ni Lee: “Kung taktika ang pag-uusapan, ginamit namin ang aming buong network at ang lahat ng aming impluwensiya upang palakihin ang pagsisiwalat ng mga

kaganapan, upang protektahan ang iba, at sa gayon ay maunawaan ng mga kandidato na sasablay ang karahasan (*Tactically, we used our whole network and all our influence to blow-up exposure about the events, in order to protect others, and then the candidates understood that violence will backfire.*)” Napatunayang tama ang kanilang estratehiya. Hindi lamang napatahimik ang karahasan laban sa kampanya, sinimulan ding kopyahin ng mga na-blacklist na kandidato ang CAGE. “Sinubok nilang salungatin kami gamit ang katulad na [di-marahas] na mga taktika (*They tried to counter us with similar [nonviolent] tactics.*)” Nang hingian ng halimbawa, binanggit niya ang mga nanay na nagpoprotesta bilang suporta sa mga anak nilang na-blacklist bilang kandidato.

CAGE 2004. Makalipas ang mga halalan ng 2000, nagkawatak-watak ang alyansa, nang matamo nito ang mga agarang layon (tingnan ang seksiyon ng Mga Naging Bunga). Inisip ng mga pinuno ng CAGE na ang pambansang mobilisasyon ay isang natatanging penomeno, isang yugto sa pagkalahatang kilusan sa repormang pampolitika ng Korea na magiging mahirap nang maulit. Gayunpaman, pumutok ang mga bagong eskandalo sa politika bago ang mga halalan para sa Pambansang Kapulungan ng 2004. Dahil dito, nagpasiya ang isang grupo ng mga sibikong pinuno na isagawang muli ang proseso ng pag-blacklist. Noong ika-4 ng Pebrero, inilunsad ang CAGE 2004 na kabilang ang 354 na organisasyon. Ang pagkakaiba, ani Lee, ay sa pagkakataong ito, hindi nagplano ang mga sibikong pinuno para sa grandeng koalisyon at malawakang mobilisasyon ng mamamayan. Sa halip, naglunsad ang alyansa ng kauna-unahang online na inisyatibang pinamagatang “Click N Clean” na nakatuon sa: “kampanya ng Pag-blacklist, Pagmanman sa Salaping Panghalalan, Pagtatasa ng Politikal na Partido, at Pambotante (*Blacklisting, Money-Election Monitoring, Political Party Evaluation, and Voters campaign*),”

ayon sa isang ulat ng PSPD.⁵⁷ Naglathala ito ng dalawang Talaang-itim ng mga Tatanggalin sa Nominasyon (kabuuang 109 na indibidwal), at isang huling Talaang-itim ng mga Tatalunin na kinabibilangan ng dalawang kategorya: 106 na kandidatong itinuturing na “di-karapat-dapat na tumakbo (*unfit to run*)” and 100 mambabatas na bumoto para sa pagtitiwalag ng Pangulong Moo-hyun Roh.⁵⁸ Hindi ganap na inendorso ng mga kasapi ng alyansa ang huling desisyon, at pinahina ito ng mga pagkakahati-hati sa pasiyang ito.⁵⁹

Mga Katangian ng Kampanya

Pamunuan at organisasyon. Ang CAGE ay may lubos na matatag na estruktura para sa pamunuan at organisasyon sa parehong pambansang nibel at sa mga antas sa ilalim nito, na lalong katangi-tangi buhat ng labis na maiksing kaukulang panahon para sa pagplano, ang bilis ng pagkakabuo ng alyansa, at ang nakatakdang durasyon ng kampanya. Sa gitna ay ang Ehekutibong Komite. Binubuo ng 40 na sibikong organisasyon (bawat isa ay kinakatawan ng isang tao) na may nakaupong 12 kahaliling tagapangulo, ito ang nagtatag sa pamunuan at gumawa ng mga krikital na desisyon sa pag-usad ng kampanya. Sa sumunod na hanay ay ang Komite ng mga Kinatawan, na kinabibilangan ng 10 kasapi mula sa ibang sibikong organisasyon sa alyansa. Nagsanib-puwera sa pagganap ang dalawang komite, na nakikilahok sa mga deliberasyon at pagplano. Nagpresinta sila ng mga plano sa mas malaking pangkat, ang Pangkalahatang Kapulungan (tinatawag ding Lupon ng Kinatawan), na kinabibilangan ng 500 kinatawan ng koalisyon mula sa buong bansa. Sa kabila ng maiksing panahon, naidaos ang ilang pagpupulong para sa Kapulungan. Ayon kay Lee, karamihan sa mga desisyon ay sinang-ayunan ng lahat liban na lamang sa unang talaang-itim, na pinagbotohan sa Pangkalahatang Kapulungan.

Sa subnasyonal na nibel, nagkaroon din ang CAGE ng 100 yunit na panlalawigan at para sa pangunahing lungsod, at 53 sangay na pambayan at para sa mga lokal na siyudad. Awtonomo ang kanilang operasyon, na isinasagawa ang kanilang sariling mga aktibidad, komunikasyon at pag-abot at pakikitungo sa mga mamamayan. Binigyan ng punong-abala ang mga sangay ng isang manwal para sa kampanya – isang gabay para sa bawat hakbang at panuto para sa mga lokal na aktibista. Para sa huling 10 araw na pagtulak para matalo ang mga na-blacklist na kandidato, gumawa ang mga tagaplano ng CAGE ng karagdagang elementong pang-organisasyon. Itinalaga ang bawat pinuno ng mga sibikong organisasyon sa alyansa bilang “punong tirador (*marksman-in-charge*),” na binigyan ng responsibilidad na patakbuhan ang kampanya sa itinalagang distrito ng halalan.⁶⁰

Nagkaroon rin ang CAGE ng ilang mga gumaganap na kagawaran at grupo. Isinalaysay ni Lee na may mga grupo para sa: pagmamanman sa media; pakikipag-ugnayan sa publiko, pagtatanghalal, kaganapan, paskil, simbolo; online na pag-abot; organisadong relihiyon; at mobilisasyon ng kabataan. Itinuturing ang kabataan na pangunahing grupo para pakilusin, buhat ng kinabibilangan sila ng 65 bahagdan ng mga botante.⁶¹ Nag-organisa ng seminar ang isang grupo ng mga “ekspertong propesyonal”, nagsalita sa mga programa sa telebisyon, at sa pangkalahatan ay nagbahagi ng kanilang kadalubhasaan sa mga napapanahong paksa, tulad ng mga halalan at panlipunang pagsuway. Mayroon ding grupo ng mga abogado, na kinabibilangan ng mga ligal na propesyonal, kasama ang dating Tagapangulo ng Korean Bar Association. Nakilahok ito sa adbokasiya, nagbahagi ng tulong at payo para sa mga inarestong tagapagkampanya, at bumuo ng ligal na manwal na ibinahagi sa mga aktibista. Isang daang araw

bago ang mga halalan, nagtalaga ang mga pangunahing sibikong organisasyon sa alyansa ng kabuuang 40 kawani upang magtrabaho nang buong-oras sa kampanya.

Imahen.

Nilinang ng CAGE ang dalawang pangunahing salik na magkasamang may malawak na hatak sa buong populasyon.

1. Kasarinlan – ng mga tiwaling politiko at ng politika. “Pinatitibay nito ang ating mga pag-unawa ukol sa kasarinlan mula sa Hapon (*It builds on our notions of independence from Japan*),” paliwanag ni Lee.
2. Kabataan – salungat sa nakatirik at matanda nang politikal na establisimyento na kumapit na sa mga posisyon at pribilehiyo habang hinahadlangan ang mga bagong kabataang pinuno sa pagyabong.

Pagkakaisa. Para sa PSPD, ang organisasyon ng lipunang sibil na pinukaw ang kampanya, itinuturing ang pagkakaisa bilang mahalaga sa pagtamo ng pagbabagong panlipunan. Itinatag ito ayon sa batayang ito, at sa pagtatapos ng 2001, bilang karagdagan sa 50 kawani, mayroon na itong 300 boluntaryong eksperto at 14,578 na mga kasaping mamamayan. Iginiit ng dalawa sa mga pinuno nito: “Ang mga sibikong grupo ay hindi lamang dapat na akitin at tugunan ang mga interes ng gitnang-uri, ngunit tulungang pakilusin din ang mga manggagawa, magsasaka, at mag-aaral upang hangarin ang repormang magiging kapaki-pakinabang sa kanila. Sa ganitong paraan, ang kilusang sibiko at ang kilusan ng oposisyong masa ay maaaring magtulong-tulong upang lumikha ng mas makatarungang lipunan (*Civic groups must not only attract and respond to the interests of the middle class, but help mobilize laborers, farmers, and students to seek reform*

that will benefit them. In this way, civic movement and opposition mass movement can work together to create a more just society).”⁶² Kaya naman itinuturing ng mga tagaplano ng CAGE ang pagkakaisa bilang pangangailangang estratehiko upang ganap na harapin ang tiwaling politikal na establisimyento at salungatin ang mga akusasyon ng politikal na pagkapartisano. Ang malawak na alyansa at ang internet ay ang mga daan upang maisama ang mga karaniwang tao sa iba’t ibang dimensiyon – heograpiya, tagpuang urban kontra rural, mga pangkat ng edad, kasarian, propesyon, at katayuang sosyo-ekonomiko.

Pinasigla rin ng koalisyong mga indibidwal na kinalauna’y naging aktibo sa kampanya. Bilang halimbawa, ayon kay Hee-Yeon Cho, dating Tagapangulo ng Komite sa Polisiya ng PSPD, nanggaling ang malakas na suporta mula sa mga doktor, akademiko, guro, klero, abogado, negosyante, aktor, at alagad ng sining. Nagsikap silang mailahok ang kanilang mga kasama sa propesyon, sa pamamagitan ng personal na paanyaya sa ilang kaso at sa pamamagitan ng kanilang mga propesyonal na organisasyon o unyon. Dagdag pa, nakibahagi ang ilan sa mga pagkilos ng lakas ng bayan upang talunin ang mga na-blacklist na kandidato. Halimbawa nito, bumuo ang ilang klerong Katoliko ng grupo ng CAGE at aktibong kumilos sa Buncheon, at nakatuon sa kandidatong kilala sa mga pag-abuso sa mga karapatang pantao sa panahon ng diktadura.⁶³

Kinumpirma ng mga siyasat na malaking proporsiyon ng mga karaniwang mamamayan ang sumusuporta sa CAGE. Nagsagawa ang Gallup Korea ng tatlong siyasat, na naiulat na may halos parehong mga tanong tungkol sa pananaw sa mga sibikong inisyatiba. Nang tanungin kung kanais-nais at lehitimo ba ang kampanya, 59 na bahagdan ang tumugon ng “oo” noong ika-12 ng

Enero, 70 bahagdan ang sumagot nang positibo noong ika-17 ng Marso, at 78 bahagdan naman noong ika-14 ng Abril, ang araw bago ang mga halalan.⁶⁴

Pagpopondo. Pinondohan ang kampanya sa pamamagitan ng mga kontribusyon mula sa mga mamamayan, na tumugon nang husto sa pamamagitan ng mga paanunsiyong inilalagay sa mga pahayagan at website. Isinalaysay ng PSPD na nakolekta ang kabuuang halaga ng KRW 350,191,652,000 (katumbas ng USD 291,826) mula sa 5,667 donasyon, na naging isang rekord ng gawain sa pagpapataas ng pondo para sa isang sibikong inisyatiba.⁶⁵ Iniulat ng mga pinuno na personal na pumunta ang mga mamamayan sa mga punong-himpilan upang magbigay ng salapi, samantalang nagpadala naman ang iba ng direktang deposito sa bangko o nag-ambag sa pamamagitan ng internet. Ang naging kabuuang gastos ay KRW 328,851,681 (katumbas ng USD 274,043), na naging isa na namang makabuluhang tagpo sa kampanya sapagkat nalampasan ng mga donasyon ang pinal na gastos.⁶⁶

Negosasyon. Sa simula, nagtangka ang mga pinuno ng CAGE ng diyologo at di-marahas na paghimok sa politikal na establisimyento. Iniulat na nagkaroon sila ng mga pag-uusap kasama ang mga kinatawan ng mga politikal na partido at mga puno ng mga komite sa nominasyon upang mahimok silang “makinig sa kahilingan ng lipunang sibil (*listen to civil society demands*).”⁶⁷ Gayunpaman, nang hindi naging ganap ang pagtugon ng mga partido, naging handa na ang mga punong-abala sa Seoul sa paglunsad ng estratehikong plano nito ng di-marahas na pagkilos.

Di-marahas na disiplina. Inasahan ng mga pinuno ng CAGE na maaaring gipitin o atakihin ang kanilang mga tao ng mga tagasuporta ng politikal na partido sa panahon ng kampanya, ngunit masigla nilang tinanggihan ang paggamit ng karahasan anuman ang mangyari. Nang tinanong kung bakit, ang sagot ni Lee, “Hindi ito kinakailangan; naniniwala kami na hindi makatutulong ang karahasan sa aming kampanya dahil ang isang mapayapang pamamaraan ang pagboto, at kahit pinatamaan pa kami, gagamit ang aming mga katunggali ng anumang karahasan upang masabi lamang na lumilikha kami ng karahasan sa kampanya (*It was not necessary; we believed that violence is not helpful to our campaign because voting is a peaceful procedure, and even if we were hit, our opponents would use any violence to say we are generating campaign violence*).” Gumawa ang kampanya ng isang serye ng mga aktibong hakbang upang panatilihin ang di-marahas na disiplina. Sumula sila ng isang borador ng “Kartilya ng Kapayapaan (Peace Charter)” na nagpatunay na isinasakatuparan ng CAGE ang di-paggamit ng karahasan, kahit na may malaking posibilidad na gumamit ang mga katunggali ng karahasan. Nagdaos ang pambansang pamunuan, pati na rin ang mga sangay ng CAGE, ng iba’t ibang kumperensiya ng mga mamamahayag upang ianunsiyo ito. Bumuo rin sila ng isang manwal sa di-paggamit ng karahasan na ipinamigay sa mga kalahok ng kampanya. Kinabilangan ito ng mga panuntunan sa pakikitungo sa mga katunggali, tulad ng:

- Sa kaso ng pisikal na pakikipag-away, maupo lamang.
- Sa kaso ng mga taong kinukumpiska ang iyong mga materyales ng kampanya at mga petisyon, hayaan mo lamang silang gawin ito.
- Sa mga pinakaseryosong kaso, tumakbo mula sa paghaharap.

Teknolohiyang digital. Naghangad ang kampanya na paghusayin ang gamit ng mga makabagong mga teknolohiyang pangkomunikaasyon. Sa unang pagkakataon, salaysay ni Lee, lubos na napabilang ang internet sa isang sibikong inisyatiba sa Korea. Partikular itong ginamit upang himukin at pakilusin ang mga kabataan. Sa M-citizen, isang digital na samahan, tinalakay ng kabataan ang kampanya, ang mga halalan at ang repormang pampolitika.⁶⁸ Bumuo ang CAGE ng isang website, na literal na naging patok. Binisita ang site nang 856,090 beses sa panahong bago ang mga halalan ng Abril; ang karaniwang bilang ng pang-araw-araw na pagbisita ay 10,569; 8,000 e-mail ang ipinadala sa webmaster; at 45,674 na mensahe ang pinaskil sa boletin.⁶⁹ Itinampok ng website ang mga talaang-itim at dokumentasyon tungkol sa mga “di-karapat-dapat” na nominado at kandidato, halimbawa na lamang noong ika-6 ng Abril, tatlong araw bago ilathala ang Talaang-itim ng mga Tatalunin, nang pinaskil ng CAGE ang mga rekord ng krimen ng mga kandidato, na umakit ng 300,000 pagbisita. Itinampok din ng website ang mga pag-endorso mula sa mga sikat na personalidad sa musika, telebisyon, at pelikula.⁷⁰ At sa isa sa pinakaunang, kung hindi ang pinakauna, kaso ng elektronikong (*digital*) pakikibaka, pinaskil ng 28,319 na tao ang kanilang pangalan bilang suporta sa kampanya at nag-sign up upang makatanggap ng impormasyon mula sa internet. Sinamantala ng CAGE ang di-inaasahang bungang ito sa pamamagitan ng paglathala ng mga resulta.

Gumamit ang CAGE ng SMS para sa pagpapadala ng mga mensahe, at bumuo ng presensiya sa Cyworld, isang site para sa social networking na maagang naimbento sa Timog Korea. Iniulat ni Lee na ginamit rin ang mga ringtone ng telepono, ngunit hindi ito nagkaroon ng makabuluhang epekto dahil “hindi pa ganoon kaganda ang teknolohiya noon (*the technology was not so good then*).” Ikahuli, sumablay ang ilang pag-atakeng pang-media ng ilang salungat na mga

pahayagan. Nagbigay ang mga ito ng panibagong sigla sa mga lumalagong inisyatiba ng alternatibong media at online na pamamahayag ng mamamayan, na sinimulang ibinalita ang CAGE at maghatid ng digital na brodkast ng mga pangunahing kumperensiya ng mga mamamahayag, na lumikha ng momentum sa mga kritikal na punto.

Mga komunikasyon. Nagdisenyo ang CAGE ng estratehiyang pangkomunikasyon at nagplanong isama ang iba't ibang dibisyon ng kampanya. “Napakahalaga nito (*It was very important*),” giit ni Lee, “at hindi lamang bahagi ng pangkat ng PR, kundi pati na rin bahagi ng pangunahing kawanihan para sa komunikasyon at pagplano (*and not just part of the PR team, but also part of the main communications and planning staff*).” Kinabibilangan ito ng ilang salik: mga pangunahing mensahe, nakatuong pagmemensahe, pakikipag-ugnayan sa media, mga platapormang pangkomunikasyon, mga kumperensiya ng mga mamamahayag, at tuwangan sa mga di-marahas na kilos. Kasama sa mga sentrong mensahe ay: “Panahon na para sa pagbabago (*It’s time for change*)!”, “Talikuran ang Tiwaling Politika (*Withdraw Corrupted Politics*)” and “Alisin ang Katiwalian (*Banish Corruption*).” Ipinapaloob ng mga dilaw at pulang kard pamputbol – dalawang mahalagang simbolo ng kultura – ang buong kampanya. Ginamit ang dilaw na kard sa “yugto ng Tanggalin sa Nominasyon (*de-nominate phase*)” at ang pulang kard naman noong mga huling pagpupursigi sa pagtalo sa mga na-blacklist na kandidato.

Binuo ang espesyalisadong pagmemensahe para sa apat na pangunahing punterya ng kampanya: ang mga mamamayan, ang politikal na establisimyento, media, at ang Komisyon para sa Pambansang Halalan. Hinimok ang mga mamamayan na lumahok sa mga halalan, hindi iboto ang mga tiwaling kandidato, at ipakitang “ang kapangyarihan ng mga botante – tanging ang

lakas ng bayan ang makapagbabago ng politika (*the power of voters – only the people power can change politics*),” salaysay ni Lee. Hinimok ang mga politikal sa partido at mambabatas, sa isang banda, na hindi piliin ang mga tiwali at na-blacklist na kandidato at magtimpi sa pagpapasiklab ng mga rehiyonal na sentimyento, at sa kabilang banda, na gawin higit na demokratiko at bukas ang proseso ng pagpili ng kandidato.⁷¹ Ang mensahe para sa Komisyon sa Pambansang Halalan ay gawing mas bukas ang impormasyong may kinalaman sa mga kriminal at pambuwis na rekord ng mga kandidato, at upang gampanan ang kapangyarihan nitong ihinto ang daloy ng iligal na pagpopondo ng partido sa halip na patahimikin ang mga boses ng mga mamamayan.

Sinabi ni Lee na siniguro ng mga tagaplano ng kampanya ang mga pagpupulong kasama ang “mga pangunahing mamamahayag upang hilingin ang kanilang pag-ulat tungkol sa impormasyon sa talaang-itim (*main press staff to ask for coverage of the information on the black list*)”. Ang mga pangunahing mensahe sa media ay “huwag manipulahin ang rehiyonal na sentimyento, tumulong pagyamanin ang mga pagdebateng pampolitika, ibrodkast ang negatibong panig ng mga kandidato, at maghatid ng buong impormasyon tungkol sa mga kandidato sa mga mamamayan (*do not manipulate the regional sentiment, help enrich political debates, broadcast the dark sides of candidates, and deliver full information about candidates to citizens*),” dagdag niya. Sa kabuuan, naging interesado ang mga pahayagan sa CAGE at sa pangkalahatan ay hindi naging katunggali ang mga ito. Ginanap ang tatlong pangunahing kumperensiya ng mga mamamahayag, dalawa sa panahon ng proseso ng nominasyon at isa noong ika-3 na Abril upang ilunsad ang kampanya sa pagtalo sa kandidato. Kasabay nito, pinalakas ang mga ito ng mga kilos-protesta, mga paglabas sa telebisyon, mga pagpupulong ng mga eksperto, mga gawain para sa publisidad ng mga lokal na sangay, mga paskil at grapiti.

Mga Naging Bunga

Rebisyon ng Batas sa Halalan. Bago ang halalan, inamyendahan ni Pangulong Dae-jung Kim at ng Pambansang Kapulungan ang Batas sa Halalan, at bunga nito’y naging ligal ang CAGE.⁷²

Binago ang ilang mga probisyon, na nagpahintulot sa mga *kumperensiya ng mga mamamahayag*, mga website, at mga institusyonal na peryodiko, ngunit ipinagbabawal pa rin ang mga inilimbag na materyales at maraming anyo ng pagkilos sa lansangan.⁷³ Bilang resulta, habang ang kampanya mismo ay hindi na labag sa batas, nagpatuloy ang pakikilahok nito sa panlipunang pagsuway.

Pagtanggal sa nominasyon ng mga nominado. Nagpasiya ang sampung indibidwal mula sa orihinal na talaang-itim ng mga di-karapat-dapat na politiko na hindi na maghangad ng nominasyon. Mula sa natitirang 102 nominadong na-blacklist, ayon kay Lee, 48 ang nabigong mapili bilang mga kandidato ng kanilang mga politikal na partido. Kaya naman, sa kabuuan, halos 52 bahagdan ng mga na-blacklist na politiko (58 mula sa 112) ang hindi nailagay sa balota.

Mga pangako ng kandidato. Bago ang halalan, naglunsad ang CAGE ng programa upang mahimok ang mga kandidato na mangakong pagtibayin ang mga repormang pampolitika sa sandaling maihalal sila. Sa pagitan ng ika-3 at ika-13 ng Abril, humigit-kumulang 450 kandidato ang lumagda ng pangako.⁷⁴

Mga pagkatalo ng kandidato. Sa mga pinal na halalan, 69 na bahagdan ng mga na-blacklist na kandidato (59 mula sa 86) ang natalo, kabilang ang 68 bahagdan (15 mula sa 22) ng mga “pinakaproblematikong” kandidato sa mga estratehikong presinto.⁷⁵ May mga kapansin-pansing pagkakaiba sa mga rehiyon. Sa rehiyon ng Seoul, 19 mula sa 20 na nasa talaang-itim ang natalo, at sa Chungchong, 15 mula sa 18 ang nabigo. Gayunpaman, sa Younngnam, 16 lamang mula sa 35 kandidato ang natalo, na sumasalamin sa bisa ng malakas ng katapatang pangrehiyong konektado sa partikular na mga politikal na partido.⁷⁶

Pinabuting kalibre, bagong hirang. Nagkaroon ng agarang bisa ang mga talaang-itim sa mga pangkalahatang nominasyon. Mas maingat na isinala ng mga politikal na partido sa pangkalahatan ang kanilang mga nominadong kandidato at hindi napili ang malaking bilang ng mga kasalukuyang nanunungkulan mula sa dalawang pangunahing partido.⁷⁷ Dagdag pa, naihalal ang maraming bago at batang mukha, na walang rekord ng katiwalian.⁷⁸ Sa kabuuan, kinabilangan ang 80 bahagdan ng bagong kapulungan ng mga mambabatas sa kanilang una at pangalawang termino, pati na ang malaking bilang na nasa mga edad 30 at 40.⁷⁹

Muling isinaayos na mga distritong panghalalan. Ang isang pagtatangkang manipulahin ang mga distrito, batay sa pakikipagtawaran ng mga mambabatas ng mga pangunahing partido, ay napigilan.⁸⁰

Pagkabuwag ng tiwaling sistema, internalisasyon ng integridad. Para sa lipunang sibil ng Korea, ang CAGE “ay nagdulot ng matinding tama sa estruktura ng katiwalian at sabwatan sa pagitan ng mga matandang partido at lubhang pinahina ang impluwensiya ng kanilang mga tiwaling

pinuno (*dealt a serious blow to the structure of corruption and collusion among old parties and considerably weakened the influence of their corrupt bosses*).”⁸¹ Una, sinimulan ng mga politikal na partidong baguhin ang mga pamamaraan kung paano nagmumungkahi at pinipili ang mga kandidatong tatakbo. Lumipat ang proseso mula sa inilalagom ng sosyolohistang si Sun-Chul Kim bilang “isang mekanismong mula sa itaas-pababa kung saan napapasakamay ng mga pinuno ng partido ang malawak na kapangyarihan patungo sa unti-unting pagtanggap sa halalang primarya kung saan nagtatamo ang mga karaniwang kasapi ng partido ng mas malaking boses (*a top-down mechanism in which party bosses held sweeping power to the gradual adoption of primary elections where party grass-roots gained a bigger voice*).”⁸² Gayundin, tinanggap ng karamihan sa mga politikal na partido, kabilang na ang mga masidhing tutol sa CAGE, ang halos lahat ng mga kriteryo sa talaang-itim sa kanilang proseso ng pagpili. Ayon kay Lee, makalipas ang apat na taon, noong mga halalan ng 2004, bumuo ang bawat politikal na partido ng komiteng magmumungkahi ng mga kandidato, gumamit ng mga kriteryo sa pagsusuring katulad sa mga binuo ng CAGE, at pinamalagi pati ang mga “relatibong independiyenteng (*relatively independent*)” eksperto upang suriin ang kalipikasyon ng mga nominadong kandidato. Ito ang pinakamahalaga at tumatagal na bunga ng lahat, nang isinaloob ng mga politikal na establisimyento ang mga pagpapahalaga at batayan ng integridad at pananagutang itinatag ng mga sibukong pinuno at suportado ng mga mamamayan.

Repormang pampolitika. Lumikha ang CAGE ng panibagong sigla para sa mga reporma sa politikal na sistema, kabilang ang mga batas sa halalan, pagpondo ng mga politikal na partido, karapatan sa impormasyon tungkol sa mga pag-aari at mga gawaing pambatasan ng mga mambabatas, at katapatan ng parlyamentaryo. Halos kagyat itong nagsimula, nang bumuo ng

espesyal na komite sa repormang pampolitika at pagsususog ng mga batas sa politika ang papasok na Pambansang Kapulungan.⁸³

CAGE 2004. Sa kabila ng higit na maliit na saklaw ng kampanya kumpara noong 2000, nagkaroon ito ng mahalagang bisa sa mga halalan ng ika-17 Pambansang Kapulungan. Kabilang sa mga napagpasiyahang “di-karapat-dapat na tumakbo”, 78 mula sa 106 (73.6 bahagdan) ang nabigo. Mula sa 100 mambabatas na bumoto upang patalsikin si Pangulong Roh mula sa kapangyarihan, 51 rito ang natalo. Sa kabuuan, 63 bahagdan ng mga pinagsamang listahan ang natalo. Hindi ipinagpapalagay ng mga iskolar at ni Lee ang mga bunga sa pagsisikap ng CAGE lamang, sapagkat ang halalan ay naging “isang reperendum sa pagsasakdal upang matiwalag si Pangulong Roh (*a referendum on the impeachment of President Roh*),” ayon sa sosyolohistang si Eui Hang Shin.⁸⁴ Sa kabilang banda, kung susuriin ang mga bunga para sa mga “di-karapat-dapat na tumakbong (*unfit to run*)” kandidato, kapuna-puna ang mga resulta at ipinagpapalagay ng mga ito na naihanda na ang mga mamamayan gawa ng kanilang tagumpay noong 2000.

Transnasyonal na inspirasyon at pagpapalitan. Kumalat nang mabilis ang balita ng tagumpay ng CAGE sa buong Asya.⁸⁵ Noong ika-18 ng Abril, limang araw makalipas ang mga halalan para sa Pambansang Kapulungan ng Korea, isa sa mga pinakaimpluwensiyal na pahayagan ng Hapon, ang *Asahi Shinbun*, ay nag-ulat na, “...ang paninindigan ng mga taga-Timog Korea na hindi hayaan ang mga walang kakayahan at tiwaling politiko na mahalal ay nagtataglay ng aral na karapat-dapat na matutuhan... (*...the South Korean’s resolve not to let incompetent and corrupt politicians get elected holds a lesson worth learning...*)”⁸⁶ Hindi nagtagal, isang pangkat ng mga aktibistang Hapon ang naglakbay sa Korea upang matuto nang higit pa tungkol sa CAGE, at

noong Mayo, ilang kasapi ng CAGE ang bumisita sa Hapon upang ibahagi ang kanilang mga karanasan. Pagkatapos nito, sa mga panahon bago ang mga halalan para sa Mababang Kapulungan noong ika-25 ng Hunyo ng taong 2000, pitong pangunahing sibikong organisasyon at network na Hapon ang gumawa ng kanilang sariling mga talaang-itim at sama-samang napabilang sa “Kilusan para sa Pagpapatalsik ng mga Hindi Akma sa Politika (*Movement to Expel Political Misfits*).”⁸⁷

Pagsusuri ng Kaso

Nagbabagong mga ugnayan ng kapangyarihan, demokrasyang mula sa ibaba-pataas. “Matapos ang tagumpay ng kampanya (*After the success of the campaign*),” pahayag ni Lee, “natakot ang mga politiko sa kolektibong kapangyarihan ng mga botante. Maaari nating makita ang mga pagbabago sa mga politikal na partido at mga prosesong pampolitika para sa mga nominasyon – isinasaalang-alang na nila ang mga botante (*politicians became afraid of the voters’ collective power. We could see changes in political parties and political processes for nominations – they were taking voters into consideration*).” Sa esensiya nito, lumikha ang CAGE ng mga kondisyon para sa demokrasyong mula sa ibaba-pataas. Binago ng kampanya ang mga mamamayan mula sa pagiging mga pasibong botante, na pumipili mula sa lupon ng mga latak na politiko, patungo sa isang dinamikong puwersa. Nabawi nila ang kanilang kapangyarihan para hilingin sa mga politikal na partido ang mas karapat-dapat na mga kinatawan at talunin ang mga kandidatong hindi kumikilos para sa kapakanan ng mga obligado silang paglingkuran – ang mga tao. Sa paggawa nito, nagpataw sila ng pananagutan mula sa kapwa politikal na establisimyento at mga indibidwal sa loob ng tiwaling sistema.

Mga dinamika ng lakas ng bayan. Ipinagpalagay ng isang sipi mula sa isang publikasyon ng Korea Democracy Foundation na, “Ang kilusan [CAGE] ay sumakay sa agos ng galit ng mga mamamayan sa mga baluktot na politiko at lumikha ng isang krisis sa politikal na establisimyento (*The movement [CAGE] rode on a wave of citizens’ anger at crooked politics and created a crisis in the political establishment*).”⁸⁸ Ipinahihiwatig nito ang katulad na pananaw ni Martin Luther King, Jr., na sinabi noong 1963 na, “Ang di-marahas na direktang kilos ay naglalayong lumikha ng gayong krisis at pasiglahin ang gayong tensiyon kung saan ang isang komunidad, na patuloy na tumangging makipag-ayos, ay napipilitang harapin ang isyu (*Nonviolent direct action seeks to create such a crisis and foster such a tension that a community which has constantly refused to negotiate is forced to confront the issue*).”⁸⁹ Sa Korea, matapos hindi pansinin ang mga pagsisikap ng sibikong alyansa na makipag-ayos sa mga politikal na partido, sama-samang gumamit ng kapangyarihan ang mga botante. Niyang nila ang isang tiwaling sistema hanggang sa hindi na ito makaandar nang maayos, partikular na ang hindi mapanatili ang sistemang panghalalan na nakasentro sa politikal na partido, na tigmak ng mga hindi demokratikong gawi sa politikang nilimitahan ang pakikilahok ng sibikong lipunan sa proseso ng halalan.⁹⁰

Ipinakikita rin ng CAGE ang mahusap na paggamit sa lakas ng bayang pinagsama ang malawakang panlipunang pagsuway – sa pamamagitan ng pangunahing paraan ng pag-blacklist at ang katuwang nitong mga di-marahas na taktika – sa isang ligal at institusyonal na malawakang aksiyon – ang nakatuong pagboto. Ang pag-uugnay ng kapuwa teknikal na iligal at ligal na kilos ay makasamang lumikha ng napakalakas na epekto. Una, kung mag-isa, hindi

makalilikha ng ganoong klaseng kaguluhan ang parehong taktika. Ikalawa, ang pagboto gamit ang balota ay ginawang isang kilos ng pagsalungan na may mababang panganib, mataas ang pakikilahok, at madaling isakatuparan.

Pagmamay-ari, kolektibong pagkakakilanlan, at pagiging lehitimo. Metikulosong luminang ang pamunuan ng CAGE ng diwa ng pagmamay-ari. Gumamit ang kampanya ng iba't ibang paraan, mula sa pangalan nito, ang Citizens' Alliance (*Alyansa ng mga Mamamayan*), hanggang sa malawak na saklaw ng mga nasyonal at lokal na sibikong organisasyong nakikilahok dito, pati ang mga di-marahas na taktikang nilalahokan ng mga karaniwang mamamayan, tulad ng pagsunod sa mga talaang-itim ng mga botante, mga islogan at pagmemensahe, at pagtitiwala sa libo-libong boluntaryo. Ang mga pananaw ng mamamayan, pati na ang lokal at rehiyonal na impormasyon, ay pinahalagahan at sistematikong isinasama sa estratehiya at pagplano, sa pamamagitan ng representatibong pagboto at estrukturang pang-organisasyon ng CAGE. Sa halip na diktahan ang mga nasa gilid, hinikayat ng sentrong pamunuan, o kung hindi man ay isinanay nito, ang lokal na pagpapasiya at mga inisyatiba. Ikahuli, tunay na natatangi ang estratehiya sa pagpapalaki ng pondo ng CAGE. Sa pamamagitan ng paglikha ng malawak na pampublikong apela sa mga mamamayan para sa pinansiyal na suporta, ang bawat donasyon, gaano man kaliit, ay naging kilos ng pagtanggap laban sa tiwaling politikal na establisimiyento, na nagdidikit sa katapatan ng donador sa kampanya, at nagpapalakas sa kaniyang sentimyento ukol sa pagiging bahagi ng mas malaking pakikibaka para sa reporma, pananagutan, at demokrasya. Sa pangkalahatan, lumikha ang mga hakbang na ito ng isang makapangyarihang kalidad ng pagiging lehitimo na naging mahirap para sa mga tiwaling politiko at mga politikal na partidong sirain, sa kabila ng kanilang sama-samang pagsisikap.

Aktibong paglapit at edukasyon. Bagaman imposible para sa anumang sibikong inisyatiba na magbalangkas ng bawat hakbang nang maaga at mahulaan ang lahat ng magiging bunga, aktibong inasahan ng mga estratego ng CAGE ang mga pangunahing hamon at ginawa ang mga hakbang para matugunan ang mga ito. Bilang halimbawa, pinigil nito ang mga marahas na pakikipagtunggali sa pagitan mga tagasuporta ng mga kandidato sa parlamento at mga mamamayang kasapi ng CAGE sa pamamagitan ng Kartilya sa Kapayapaan (*Peace Charter*) at estriktong utos para sa disiplina ng kawalan ng karahasan. Pinalihis nito ang salungat na media at mga pag-atake ng mga politikal na partido sa pamamagitan ng katapatan, negosasyon, at ang pagiging lehitimo ng pagpapakilos ng mamamayan sa pagtupad ng kanilang mga karapatang pampolitika. Itinuturing din ang edukasyon bilang mahalagang hakbang, kaya binuo ang mga manwal sa kawalang-karahasan, mga ligal na isyu, at mabisang pagkampanya, pati na rin ang mga mapagkukunang manwal para sa mga mamamayan ukol sa repormang pampolitika na sinalungat ang retorika at paninirang-puri ng politikal na establisimyento.

Mula sa negatibo patungong positibo. Napagtanto ng mga pinuno ng CAGE na nanganganib na lumikha ang pagbuo ng kampanya sa palibot ng pag-blacklist sa mga tiwaling kandidato ng lubhang negatibong katangian na maaaring talikdan ng publiko at palambutin ang pagkilos ng mamamayan. Bilang resulta, nilayon nilang mapagaan ang pagiging negatibo sa pamamagitan ng ilang pamamaraan. Ginamit nila ang mga popular na simbolo na nauugnay sa mga positibong gawain tulad ng mga pamputbol na kard. Binigyan nila ng kaukulang balanse ang mga seryosong taktika, tulad ng pagpapailaw ng kandila sa demonstrasyon, sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga simboliko, nakakatawa, nakapapanabik, at kasiya-siyang pagkilos, tulad ng pagwawalis na

demonstrasyon, mga pamunang karikatura, at ang Red Festival. Ang pagtuon sa mga di-karapat-dapat ng kandidato ay napalitan ng suporta mula sa mga sikat na mang-aawit at mga ginagalang ng mga pampublikong personalidad. Higit na pinagdiinan ng mga mensahe at mga islogan ang pagpapalakas ng mga mamamayan at pagbabago, habang binalangkas naman ang proseso ng pag-blacklist sa mga kaukulang positibong bunga.

Kawalang-karahasang *Kingian*. Nagbibigay ang sibikong inisyatiba ng isa na namang panibagong patunay na mabisa at mabisa ang pamamaraang binuo ng mga praktisyoner ng kawalang-karahasang *Kingian*.⁹¹ Bagaman hindi nakasanayan ng mga pinuno ng CAGE ang paraang *Kingian*, mahusay nilang nagamit ang mga katulad na elemento, kabilang ang maigting na pagsunod sa kawalang-karahasan, edukasyon (ng mga aktibista ng kampanya at publiko), pagtitipon ng mga impormasyon (tungkol sa mga potensiyal na kandidato), negosasyon (sa mga politikal na partido at mga pinupunteryang politiko), at kung hindi nagiging mabunga iyon ay ginagamit ang pagpapakilos ng mamamayan at direktang kilos.

Pagkatuto mula sa iba. Kumuha ng inspirasyon ang mga punong-tagaplano ng CAGE mula sa ilang kilala at pati rin mga di-inaasahang sanggunian. Naging inspirasyon ng pangkalahatang estratehiya ng kampanya sa panlipunang pagsuway na sa kabuuan nito ay nakapagbuwag ng isang hindi makatarungang batas, at ang paggamit ng mga okupasyon bilang isang taktika, ang kilusan ng Karapatang Sibil ng Estados Unidos. Naging inspirasyon ng pagpapailaw ng mga kandila sa mga demonstrasyon ang di-marahas ng pag-aalsa sa Silangang Alemanya laban sa rehimeng Komunista noong 1989. Pinukaw ng mga larawan ng ganitong anyo ng aksiyong masa ang pansin ng maraming Koreano, na kakapanalo pa lamang ng kanilang kalayaan mula sa

diktadura dalawang taon pa lamang ang nakalilipas. Isinalaysay ni Lee na natuto rin sila mula sa pakikipag-ugnayan ni Bill Clinton sa mga kabataan sa kaniyang pampanguluhang kampanya noong 1992, na noong panahon iyon ay katangi-tangi sa mga politikal na pangkat sa Amerika. At ikahuli, bilang madaling makita sa pangalan nito, kumuha ng inspirasyon ang grupo ng kabataan mula sa maalamat na pagdiriwang ng musika sa Woodstock.

Mga Aral na Natutunan

Katiwaliang pampolitika at demokrasya mula sa ibaba paitaas.

1. Hindi awtomatiko ang reporma pagkatapos ng paglipat mula sa diktadura patungong demokrasya. Inilarawan ng mga pinunong sibiko ng Timog Korea ang kanilang umuusbong na sistemang representatibo bilang institusyonal na politikang “pinangangasiwaan ng mga malalakas na kartel ng mga politiko (*managed by strong cartels of politicians*).”⁹² Bilang resulta, kapag nauwi ang mga botante sa pagkakaroon ng mga limitadong pagpipilian bukod sa mga nakasasagabal na politikong suportado ng mga tiwaling partido, hindi makapaghahatid ng pananagutan at katarungan nang mag-isa ang representatibong demokrasya, at maaari itong mawalan ng pagkalehitimo sa mga mata ng taumbayan.
2. Tulad ng sa Indonesiya, naging mga nagpapatakbong puwersa ang mga pinuno at aktibista ng kilusan sa sibikong demokrasya ng Korea upang baguhin ang estado at buwagin ang hindi mapagkakasundong bahagi ng mga tiwaling awtoritaryanong sistema. Bumuo ang mga beterano ng di-marahas na pakikibaka ng mga tumatagal na ugnayang

naipanday sa panahon ng pakikipagtunggali ng puwersang kontra-demokrasya, batay sa magkakatulad na pakikibaka, tunguhin at bisyon para sa kanilang bansa.

3. Sa tuwing isinasantabi ng politikal na establisimyento ang kalagayan ng mga mamamayan, habang nakikilahok sa pagpapayaman ng sarili, pag-abuso sa awtoridad, at pagtatanggol ng sarili mula sa katarungan, may mga karampatang pagpipilian ang mga mamamayan bukod sa pagkagalit, hindi paglahok sa halalan, o pagiging radikal. Sa pamamagitan ng lakas ng bayan, maaari nilang puwersahin ang mga politikal na partidong magbago, sama-samang pigilin ang mga tiwaling politiko mula sa kapangyarihan, at sa kabilang banda’y suportahan ang mga tapat na kandidato, at pakilusin ang isang nagpapatuloy na pagtugong bumubuo ng integridad.
4. Kapag humaharap sa isang nakabaong sistema ng pangunguwalta at pang-aabuso sa politika, ang kamalayan ng publiko sa problema nang mag-isa ay maaaring hindi sapat upang magbunga ng pagbabago. Kapag ang kamalayang ito ay sinasamahan ng di-marahas na kampanya o kilusan, maaaring makapagpataw ng pinsala ang panlipunang puwersa sa mga maykapangyarihan – sa kasong ito, ang matalo sa isang halalan.
5. Ang kawalan ng paggalang ng maykapangyarihan sa mga mamamayan ay madalas na bahagi ng mga pangunahing karaingang nagbubuklod sa mga tao at sa gayon ay maaaring maging makapangyarihang tagapagpakilos. Sa kaso ng Korea, sinabi ng PSPD na: “Ang mga tiwaling politikal na partido at politikong ito ay walang paggalang sa mga botante. Kailangan ng mga botante na ipakita ang kanilang kapangyarihan sa mga politiko sa pamamagitan ng paggamit ng kanilang mga karapatan sa pagboto, kahit na inilalagay sa harap ng mga botante ang mga ligal na hadlang (*These corrupt political parties and*

politicians have had no respect for voters. Voters need to show their power to politicians by making use of their voters' rights, even if legal hurdles were put in front of voters)."⁹³

6. Maaaring makapagbigay ng kapangyarihan ang mobilisasyon at aksiyon ng mamamayan sa mga aktibista upang magtakda ng adyenda para sa pagbabago sa isang tiwaling sistema, sa halip na humingi lamang ng reporma at pahintulutan ang mga maykapangyarihan na tukuyin ang mga hakbang na dapat gawin.

Lakas ng bayan

7. Para sa mga sibikong pinuno at mga kasangkot na mamamayan, maaaring maipagpalagay na nakakatakot na harapin ang katiwalian sa politika, dahil gumagana ito sa isang pahalang na sistema na maaaring kabilangan ng mga di-tapat ng politiko, iba't ibang politikal na partido, ehekutibong sangay, at pribadong sektor, organisadong manggagawa o iba pang di-pang-estadong interes. Gayunpaman, nagpakita ng CAGE ng isang makapangyarihang estratehiya:
 - Gamitin ang malawak na pinanghahawakang sentimyento at karaingan, na sa kaso ng CAGE ay ang galit ng publiko kaalinsabay ang mga di-nananagutan at nasusuhulang mambabatas at deskontento sa di-mabuting kalidad ng mga kandidatong inihahain sa mga botante.
 - Iugnay ang mga ito sa isang kongkretong isyu na may mga bungang nasusukat.
 - Sipating maigi ang isang nakikitang aspekto ng tiwaling sistema, tulad ng sarado, di-demokratiko, at baluktot na proseso ng nominasyon.
 - Ipahayag ang mga malinaw na kahilingan, na sa kasong ito ay ang pagtanggali sa mga di-karapat-dapat na mga nominado at kandidato mula sa mga listahan ng partido, at talunin ang mga na-blacklist na kandidato.

- Tumukoy ng isa o higit pang aksiyong masa – sa kasong ito, ang mga pangangako at pagtangi sa mga na-blacklist na kandidato sa balota – na mababa ang taglay na panganib, at maaaring pagbahaginan sa konteksto ng pakikibaka.
8. Sa pagharap sa katiwalian sa politika, partikular na mahalaga ang pampolitikang neutralidad upang mapanatili ang pagiging lehitimo ng sibikong inisyatiba at salungatin ang alegasyon ng mga katunggali ng pagkapartisano at panghihimasok.
 9. Tulad ng ibang mga di-marahas na kampanya at kilusang pinupunterya ang katiwalian, nakukuha rin ng CAGE ang pagiging lehitimo nito sa pamamagitan ng sibiko at pang-komunidad ng katangian nito, na sa kasong ito ay ang malawak na alyansa at pakikilahok ng mga karaniwang mamamayan.
 10. Tulad ng mga inisyaba sa pagmamanman ng komunidad sa Afghanistan, ang mga siyosat ay naging kasangkapan na nagbuhat ng mga estratehikong kapaki-pakinabang na impormasyon. Sa isang banda, nagsilbi ang mga ito na isang mekanismo upang tipunin ang mga pananaw ng mga tao, na kinakailangan para sa pagplano ng kampanya. Sa kabilang banda, nakabuo ang mga ito ng impormasyon na maaaring ituon sa mga punterya, na sa pagkakataong ito ay ang mga politikal na partido, nominado, at kandidato.
 11. Tulad ng maraming di-marahas na pakikibaka, lalong lalo na ang Kilusan ng Karapatang Sibil ng Estados Unidos, maaaring estratehikong magamit ang panlipunang pagsuway sa direktang pagharap sa di-makatarungang batas – bilang isang taktika o sa kaso ng CAGE, ng mismong buong kampanya. Kapag may katuwang na suporta ng publiko at pagpapakilos ng mamamayan, nagagamit nito ang kapangyarihan ng numero, na ginagawang mahirap para sa direktibang ipatupad at ikatwiran.

12. Ang isang estratehikong benepisyo ng pagkakaiba-iba ng taktika ay maaari itong potensiyal na maghikayat ng mas malaking bilang ng mamamayan. Kapag ang isang sibikong inisyatiba ay nakasalalay nang malaki sa isa o ilang mga taktika, hindi nito kayang ganap na magsangkot ng isang malawak na madla, at samakatuwid ay mas maliit ang pagkakataong mapalakas ang pagpapakilos.
13. Maaaring palakasin ng mga sangguniang panlipunan at pangkultura ang bisa ng isang taktika, halimbawa, sa pamamagitan ng mga simbolo, katatawanan, at musika. Sa kaso ng CAGE, sa kadahilanang masugid na tagahanga ng larong putbol ang mga Koreano, naging pangunahing simbolo ng kampanya ang mga pula at dilaw na kard ng reperi. Sa kabilang banda, ang pagwawagayway ng mga kard ay naging popular na di-marahas na kilos.
14. Pinalawak ng CAGE ang ating mga pagkakaunawa sa karapatan sa impormasyon. Bilang karagdagan sa karapatang “humiling ng impormasyong hawag ng mga organo ng pamahalaan (*demand information held by government bodies*),” ang mga mamamayan ay may karapatan din sa pagtamo ng mahahalagang impormasyon tungkol sa kanilang mga hinalal na kinatawan.⁹⁴ Paliwanag ng PSPD: “May karapatan ang mga mamamayang malaman kung anong ginagawa ng kanilang mga kinatawan sa Pambansang Kapulungan. May karapatan ang mga mamamayang malaman kung ang kanilang mga mambabatas ay may kinalaman sa katiwalian (*The citizens have a right to know what their representatives do in the National Assembly. The citizens have a right to know whether their lawmakers have been related to corruption*).”⁹⁵

15. Kapwa tinugunan ng CAGE at CICA ng Indonesia (Kabanata 5) ang pangangailangang balansihin ang sentrong pagpapasiyang may demokrasya sa panloob na kampanya, at sentralisasyon ng pagplanong may lokal na awtonomiya. Hindi eksklusibo sa isa't isa ang mga pagpipilian. Maaaring lumikha ang estrukturang pang-organisasyon ng iba't ibang pagpipilian sa pagpapasiya at pagplano na nagsasama ng mga elemento ng: pangunahing awtoridad ng pamumuno, konsensus, at pagboto ng mayorya; at pagkilos sa gitna kumpara sa pagkilos sa paligid.
16. Tulad ng CICA, isa sa mga benepisyo ng isang malawak na koalisyon ay maaaring magpasok ang iba't ibang pangkat ng iba't ibang talento at mapagkukunang-yaman sa kampanya o kilusan. Bilang halimbawa, ang pagkakasangkot ng samahan ng karikaturista sa CAGE ay may katangi-tanging bisa. Lumikha ang maraming kasapi ng mga pamunang karikatura na ipinaskil sa internet. “Ang mga ito [karikatura] ay ginampanan ang papel ng katalista sa pagpapalakas ng online na kampanya. (*They [cartoons] had a catalytic role in increasing the online campaign*),” saad ni Lee.
17. Mapahuhusay ang mga pag-endorso at suporta mula sa mga ginagalang o sikat na mga personalidad sa publiko sa pamamagitan ng iba't ibang plataporma, mula sa mga ringtone hanggang sa mga website, mga konsiyerto, at mga pampublikong pahayag.

MGA SANGGUNIAN (ENDNOTES)

¹ Glenn Manarin, “Striking where it hurts,” *The Courier*, UNESCO, Disyembre 2000, 37.

² Ang Korea ay may sistemang parlyamentaryo, kasama ang Pambansang Kapulungan na may iisang kamara. Ang sistema ng pagboto ay magkahalo; 246 na kasama ay ihinahalal sa

pamamagitan ng direktang boto ng simpleng mayorya, at 64 naman sa pamamagitan ng proporsiyonal na representasyon.

³ Nagpakamatay si Chon T'ae-il noong ika-13 ng Nobyembre, 1970, at si Mohamed Bouazizi noong ika-17 ng Disyembre, 2010.

⁴ Noong 1986, ang 'strongman' ng militar na si Chun Doo-Hwan ay tinangkang baguhin ang saligang-batas upang bigyan ang sarili niya ng ikatlong termino bilang pangulo. Matapos ang karaingan ng publiko, pinili niya si Roh Tae Woo bilang kaniyang maliwanag na tagapagmansa. Bumuo ng mga alyansa ang mga grupo ng mag-aaral at manggagawa kasama ang mga partido ng oposisyon upang hadlangan ang awtoritaryanong paghaliling ito. Noong umpisa ng 1987, sumablay ang marahas na pagsupil noong pinaslang ng mga puwersa ng seguridad ang ilang mga mag-aaral. Sumali ang gitnang uri sa mga malawakang demonstrasyon, at pinuwersa ng lakas ng bayan si Doo-Hwan na sumang-ayon sa isang susog na nagpapahintuloy sa mga direktang halalang pampanguluhan.

Peter Ackerman and Adrian Karatnycky, *How Freedom is Won: From Civil Resistance to Durable Democracy* (New York: Freedom House, 2005), 41.

Gi-Wook Shinn & Paul Chang, eds., *South Korean Social Movements: From Democracy to Civil Society* (New York: Routledge, 2011).

⁵ Eui Hang Shin, "The Role of NGOs in Political Elections in Korea: The Case of the Citizens' Alliance for the 2000 General Election," *Asian Survey* 43, blg. 4 (2003): 697-715.

⁶ Manarin, *Ibid.*, 38.

⁷ Manarin, *Ibid.*

⁸ "Elections and Civil Society," Korea Democracy Foundation, ika-16 ng Abril, 2012, binuksan noong ika-1 ng Mayo, 2012, <http://www.kdemo.or.kr/en/information/news/163>.

⁹ “Elections and Civil Society,” 10.

¹⁰ People’s Solidarity for Participatory Democracy (PSPD), “*Using documentation to draw up a ‘blacklist’ of unacceptable political candidates and moving the public to vote against them,*”

New Tactics in Human Rights, binuksan noong ika-1 ng Oktubre, 2013,

<https://www.newtactics.org/tactic/using-documentation-draw->

[%E2%80%98blacklist%E2%80%99-unacceptable-political-candidates-and-moving-public-vote.](https://www.newtactics.org/tactic/using-documentation-draw-%E2%80%98blacklist%E2%80%99-unacceptable-political-candidates-and-moving-public-vote)

¹¹ Shin, Ibid.

¹² Islogan ng kampanya ng CAGE 2000.

¹³ Manarin, Ibid., 37.

¹⁴ *PSPD’s Campaign for Transparent Society* (Seoul: People’s Solidarity for Participatory Democracy, Nobyembre 2001).

¹⁵ Hee-Yeon Cho, “A Study on the Blacklisting Campaign against Corrupt Politicians in South Korea-Focused on the ‘Naksun Movement’ in April 2000,” Iprenisinta ang papel sa kumperensiyang Civil Society in Asia, Today and Tomorrow, Timog Korea, ika-5 ng Disyembre, 2003.

¹⁶ Samuel Kim, ed. *Korea’s Democratization* (Cambridge, UK: Cambridge University Press, 2003).

¹⁷ Ang kabanatang ito ay batay sa mga panayam na isinagawa noong Enero ng 2010 kabilang ang mga sumunod na nasusulat na mga komunikasyon kay Taeho Lee, ang Kahaliling Punong Kalihim ng People’s Solidarity for Participatory Democracy (PSPD), na direktang nasasangkot sa kampanya.

¹⁸ Eunyoung Kim, CAGE 2000 (ang presentasyon sa PowerPoint ay ibinigay sa may-akda, n.d.)

¹⁹ Kabilang sa mga ito ay ang eskandalong Hanbo Steel noong 1997, na kinabibilangan ng mga dating pangulong Cheon at Roh noong 1997, at ang mga kalamidad sa mga proyektong konstruksiyon, kung saan nasawi ang ilang mamamayan.

“PSPD’s Campaign for Transparent Society,” Ibid.

²⁰ Pinagbabawalan ng Artikulo 87 ng Batas sa Halalan ang mga sibikong organisasyon sa mga aktibidad ng kampanya “na may kaugnayan sa halalan”, na ayon kay Lee ay kinabibilangan ng pagtatasa ng mga kandidato at paggawa ng mga rekomendasyon sa mga botante.

Eui Hang Shin, “The Role of NGOs in Political Elections in Korea: The Case of the Citizens’ Alliance for the 2000 General Election,” *Asian Survey* 43, blg. 4, 2003: 703.

²¹ Kim, Ibid.

²² Ibid.

²³ Ibid.

²⁴ Ibid.

²⁵ Ibid.

²⁶ Ibid.

²⁷ Manarin, Ibid., 38.

²⁸ Ang terminong “nakapagtatakdang paraan” ay binuo ni Dr. Kurt Schock.

²⁹ Ayon kay Lee, lumapit din ang Task Force sa mga unyon, ngunit noong oras na iyon, sumuporta sila sa isang progresibong politikal na partido at hindi sumali sa di-partisanong Task Force o CAGE. Ang Citizens’ Coalition for Economic Justice (CCEJ) ay tumanggi ring sumali sa sibikong inisyatiba. Nais lamang nitong maglabas ng impormasyon tungkol sa mga tiwaling kandidato at hindi sumuporta sa isang kampanya sa panlipunang pagsuway, na nakita nito bilang paggambala sa mga halalan, ika ni Lee.

³⁰ Kabilang sa alyansa ay ang mga pangunahing sibiko at relihiyosong organisasyon ng Korea. Bilang karagdagan sa Peoples' Solidarity for Participatory Democracy (PSPD), Korean Federation for Environmental Movements (KFEM), Green Korea United (GKU), at Korean Women's Associations United (KWAU), kinabilangan ito ng: Citizens' Coalition for Democratic Media; YMCA/YWCA; Citizens' Solidarity for Participation and Self-Governance, National Association of Professors for Democratic Society; National Council of Churches of Korea; Catholic Priests' Association for Justice; at National Association for the Practice of Buddhism. "Elections and Civil Society," Korea Democracy Foundation, ika-16 ng Abril, 2012, binuksan noong ika-1 ng Mayo, 2012, <http://www.kdemo.or.kr/en/information/news/163>.

³¹ Hee-Yeon Cho and Park Won-soon, "The Democratic Reform and Civic Movement in South Korea – Focused on PSPD," *Joint U.S.-Korea Academic Studies* 12 (2003): 1-17, 13, binuksan noong ika-2 ng Oktubre, 2013, http://dnsm.skhu.ac.kr/board/zboard.php?id=eng_paper&no=4.

³² Sun-Chul Kim, "Power of Movement: Defiant Institutionalization of Social Movements in South Korea." Iprenisinta ang papel sa Politics and Protest Workshop, City University of New York (CUNY) Graduate Center, ika-26 ng Marso, 2009, 2, binuksan noong ika-2 ng Oktubre, 2013, <http://www.jamesmjasper.org/Spring2009Schedule.html>.

³³ Kinumpirma ni Lee na ang wastong bilang ay 1104, ngunit binabanggit ng iba't ibang publikasyon na umabot ang koalisyon sa 1053 at 1101 kasapi. Pagkatapos ng halalan, habang naghahanda ng isang Puting Papel sa kampanya, nagsagawa ang kalihim ng CAGE ng pinal na pagbilang ng mga kasapi, na umabot sa 1104.

³⁴ PSPD, Ibid.

³⁵ "Elections and Civil Society," Ibid.

³⁶ Shin, Ibid. 702.

³⁷ PSPD, Ibid. 2.

Eunyoung Kim, Ibid. 3.

³⁸ Manarin, Ibid.

³⁹ “Elections and Civil Society,” Ibid.

⁴⁰ Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga hurado ng mga mamamayan, tingnan ang: Lyn Carson and Brian Martin, *Random Selection in Politics* (Westport, CT: Praeger, 1999).

⁴¹ Ang impormasyon tungkol sa Ehekutibong Komite, Lupon ng Kinatawan, at Pangkalahatang Kapulungan ng CAGE ay maaaring makita sa seksyon ng Mga Katangian ng Kampanya, sa ilalim ng “Pamunuan at organisasyon.”

⁴² Shin, Ibid., 703.

⁴³ Ibid.

Hee-Yeon Cho, Ibid.

⁴⁴ Shin, Ibid., 705.

⁴⁵ Ibid.

⁴⁶ Hee-Yeon Cho, Ibid.

⁴⁷ Ibid.

⁴⁸ Gaya ng pagkakaalam ng mga apisyonado ng putbol, ang dilaw na kard ay kumakatawan para sa babala at nagpapahiwatig ng hudyat sa manlalaro, samantalang ipinapahiwatig naman ng pulang kard ang isang paglabag sa tuntunin at ang pagpapaalis sa manlalaro mula sa laro.

⁴⁹ “Elections and Civil Society,” Ibid.

⁵⁰ Sinasabing ang ika-1 ng Marso, 1919 ay ang araw kung kailan nagsimula ang 28-taong kilusang Koreano para sa kasarinlan, noong ang isang grupo ng mga kultural at relihiyosong

pinuno ay naglabas ng isang “Proklamasyon ng Kasarinlan (*Proclamation of Independence*)” at nag-organisa ng isang malakihang demonstrasyon.

Bae-ho Hahn, “Korea,” *Encyclopædia Britannica* (2012), binuksan noong ika-2 ng Oktubre, 2013, <http://www.britannica.com/EBchecked/topic/693609/Korea>

⁵¹ Hee-Yeon Cho, *Ibid.*

⁵² *Ibid.*, 13.

⁵³ Shin, *Ibid.*

⁵⁴ *Ibid.*

⁵⁵ Hyuk-Rae Kim, *Ibid.*

⁵⁶ Shin, *Ibid.*

⁵⁷ “Blacklisting Campaign 2004,” PSPD, ika-19 ng Enero, 2004, binuksan noong ika-2 ng Oktubre, 2013,

http://www.peoplepower21.org/index.php?mid=English&category=37684&page=9&document_srl=38590.

⁵⁸ Si Pangulong Moo-hyun Roh ay ang pinuno ng isang maliit na hiwalay na partido. Sa gitna ng mga panahon bago ang mga halalang pambatasan, pumutok ang isang politikal at demokratikong krisis. Noong ika-12 ng Marso, nagpasa ng mosyon ang Pambansang Kapulungan na itiwalag siya sa botong 193-2, kabilang ang lahat ng mga pangunahing partido. Kabilang sa mga katwiran ay ang paglabag sa Batas sa Halalan, mga akusasyon ng iligal na pagpondo sa kampanya, at maling paghawak ng ekonomiya. Isang malaking bahagdan ng publiko ay salungat. Nakita nito ang pagboto bilang parlyamentaryong kudeta laban sa demokratikong halal na pangulo ng nakatirik nang politikal na establisimyento, at ang pinagsamang pagsisikap na hadlangan ang kaniyang politikal na adyenda, na kinabibilangan ng muling pagtatag ng maayos na ugnayan sa

Hilagang Korea. Noong ika-14 ng Mayo, binaligtad ng Hukumang Pangkonstitusyon ang pagtitiwalag at bumalik siya sa kapangyarihan. Para sa detalyadong pagsusuri, tingnan ang: Eui Hang Shin, “Political Demography of South Korea: Cohort, Gender, Regionalism, and Citizens’ Movement in Election Democracy,” Iprenisinta ang papel sa XXV International Population Conference, Tours, Pransiya, ika-18-23 ng Hulyo, 2005, binuksan noong ika-2 ng Oktubre, 2013, <http://iussp2005.princeton.edu/abstractViewer.aspx?submissionId=50965>.

⁵⁹ “Elections and Civil Society,” Ibid.

⁶⁰ Shin, Ibid., 709.

⁶¹ Hyuk-Rae Kim, Ibid.

⁶² Hee-Yeon Cho and Park Won-soon, Ibid., 3.

⁶³ Ang kandidato ay si Sacheol Lee.

Hee-Yeon Cho, Ibid.

⁶⁴ Sun-Chul Kim, Ibid.

⁶⁵ Ang salapi ng Timog Korea ay ang *won*. Ang kodigo ng salapi nito ay KRW.

⁶⁶ Eunyoung Kim, Ibid.

Hee-Yeon Cho and Park Won-soon, Ibid.

⁶⁷ Hee-Yeon Cho, Ibid., 10.

⁶⁸ Hyuk-Rae Kim, Ibid.

⁶⁹ Eunyoung Kim, Ibid.

⁷⁰ Manarin, Ibid.

⁷¹ Ang mga rehiyonal na pagkakaiba-iba at pagkiling ay may matagal nang istorikong ugat, buhat pa noong panahon ng Tatlong Kaharian (57 BC to AD 668). Sa panahon makalipas ang

diktadura, ang mga panrehiyong relasyon ay naging maimpluwensiyang tagapagtakda ng kaugalian sa pagboto.

David Kang, "Regional Politics and Democratic Consolidation in Korea," sa Samuel Kim, *Korea's Democratization* (Cambridge, UK: Cambridge University Press, 2003).

⁷² Manarin, Ibid.

⁷³ "Elections and Civil Society," Ibid.

⁷⁴ Shin, Ibid.

⁷⁵ Ibid., 710.

⁷⁶ Ibid.

⁷⁷ Ibid.

⁷⁸ Hyuk-Rae Kim, Ibid.

⁷⁹ Manarin, Ibid.

⁸⁰ Hyuk-Rae Kim, Ibid.

Sun-Chul Kim, Ibid.

⁸¹ "Elections and Civil Society," Ibid. 12.

⁸² Sun-Chul Kim, Ibid, 3.

⁸³ "Elections and Civil Society," Ibid.

⁸⁴ Eui Hang Shin, "Political Demography of South Korea: Cohort, Gender, Regionalism, and Citizens' Movement in Election Democracy," Ipinresita ang papel sa XXV International Population Conference, Tours, Pranses, ika-18-23 ng Hulyo, 2005, binuksan noong ika-2 ng Oktubre, 2013, <http://iussp2005.princeton.edu/abstractViewer.aspx?submissionId=50965>.

⁸⁵ Hee-Yeon Cho, Ibid.

⁸⁶ David Johnson, “A Tale of Two Systems: Prosecuting Corruption in Japan and Italy,” Sa *The State of Civil Society in Japan and Italy*, ed. Frank Schwartz and Susan Pharr (Cambridge, UK: Cambridge University Press, 2003), 277.

⁸⁷ Murakami Mutsuko, “A Gift from Korea: Japan’s election process may never be the same again,” *Asiaweek*, ika-9 ng Hunyo, 2000,

<http://edition.cnn.com/ASIANOW/asiaweek/foc/2000/06/09/>.

⁸⁸ “Elections and Civil Society,” *Ibid.*, 11.

⁸⁹ Martin Luther King, Jr., “Letter from a Birmingham Jail,” ika-16 ng Abril, 1963, binuksan noong ika-2 ng Oktubre, 2013, <http://mlk->

kpp01.stanford.edu/index.php/resources/article/annotated_letter_from_birmingham

⁹⁰ Shin, *Ibid.*

⁹¹ Ang metodolohiya sa kawalang-karahasan na *Kingian* ay nilinang noong Kilusan ng mga Karapatang Sibil ng Estados Unidos at kasalukuyang nakapaloob sa isang balangkas na itinuturo ng mga praktisyoner na *Kingian* sa buong mundo. Kinabibilangan ito ng di-linyar na estratehiya na may anim na hakbang na kasama ang: personal na pangangako, edukasyon, pagkalap ng impormasyon, negosasyon, direktang kilos, at pagkakasundo. Ang may-akda ay nakilahok sa isang *Kingian Training of Trainers*, na pinangasiwaan ni Dr. Bernard Lafayette, sa *Univeristy of Rhode Island*, 2008.

⁹² Cho and Park, *Ibid.*, 15.

⁹³ PSPD, *Ibid.*, 1.

⁹⁴ David Banisar, “The Right to Information and Privacy: Balancing Rights and Managing Conflicts” (*working paper*, The World Bank, Washington, DC, 2011), 5.

⁹⁵ “Blacklisting Campaign 2004,” PSPD, binuksan noong ika-2 ng Oktubre, 2013,

http://www.peoplepower21.org/index.php?mid=English&category=37684&page=9&document_srl=38590.